# Ang Kapanahunan Ng Iglesiang Efeso

Jeffersonville, IN

December 5, 1960

1 Pagpalain kayo ng Panginoon. Sinumang naririto na nagmamaneho ng isang Dodge, isang bagong Dodge, ang numero ng plaka ay WX-2129, na nakaparada roon sa kalsada, naiwan nilang nakabukas ang mga ilaw, ang harapang ilaw at lahat na. At kung sinuman ang nagmamaneho ng kotseng iyon, aba'y, lumabas ka at patayin mo ang iyong mga ilaw. Nasa kaliwang panig ito ng kalsada, doon sa may Eight Street. Palagay ko'y numero iyan sa New Albany, WX-2129. Isang pulang Dodge, bagong Dodge, na marahil ay '59, '60, o mga ganiyan. At hindi ko alam kung narito ang may-ari o taga ibang lugar. Ah, ganu'n ba. Buweno mainam na bagay iyan. Ngayon, hindi ko sasabihing mga babae lang ang nakakalimot niyan, dahil gayon din ako.

2 Buweno, tunay na mabuting makabalik muli ngayong gabi sa gawain, at magkaroon ng mainam na panahon ng sama-samang pagtitipon sa Salita. Nasisiyahan ba kayo rito? [Ang sabi ng kongregasyon, "Amen"—Ed.] O, tama iyan; sadyang nakararanas tayo ng napakagandang panahon. At ngayon, nagtitiwala tayong tutulungan tayo ng Diyos na makapagpatuloy. Ngayon, kumuha ang kapatid ko ng isang pisara, ngunit masyado itong mababa; sadyang hindi sapat ang taas nito. Kaya bukas, sisikapin kong ito'y maiayos, itataas ko ng kaunti upang maging… Nais kong gumuhit ng iba'tibang bagay na nais kong ipaliwanag, upang inyong—upang matiyak na mauunawaan ninyo.

3 Mayroong… Kagabi, o kahapon pala, nakakatuwa ang munti kong anak na si Sarah. Tinitignan namin ng kaniyang ina ang isang kapirasong papel; sinisipi niya pala ang aking mga sinasabi. At naisulat niya nang maayos ang lahat, Isaias at Mateo at lahat na. At doon sa dulo ng papel, inilagay niya, "At—at ang kamatayan …Wala nang taglay na tagumpay ang libingan, at nabunot na ang tibo ng kamatayan." Pitong taong gulang lang siya. At sa halip na "Revelation" ang isulat niya, ang sabi niya, "The book of Revolutions." Buweno, ipinakikita niyan na interasado silang may makuha kahit papaano, hindi ba? Sa palagay ko ang munting anak na babae ni Brother Collins, nakaupo siya sa likuran, ang isinulat nila ay "revolutions"? Kanila bang… "Day of revolutions," sabi ni Brother Neville. Sumasang-ayon siya sa kaniya. Wari ko'y kailangan nating gawin lahat iyan.

4 Buweno, tunay na nakararanas tayo ng napakainam na panahon. Naku, pinagpapala tayo ng Panginoon. Nag-aaral ako kaninang umaga sa aking silid, matapos na maihatid ko sa paaralan ang mga bata, at kalalabas-labas ko lang; sadyang nakararanas ako ng napakainam na panahon. Kagabi'y napuyat din ako sa pag-aaral. May mga taong dumating kaninang mga alas dos y medya ng umaga galing sa norte; ginising nila ako upang manalangin para sa isang munting batang babaeng naghihingalo. At nakatitiyak akong pagagalingin siya ng Panginoon. Galing pa sila sa Bedford, Indiana, upang humiling na maipanalangin ang munting batang babae. Dalawang kalalakihan ang nasa gawain kagabi at bumiyahe papunta ro'n, at ganu'n din pabalik dito at pagkatapos ay pabalik muli ro'n, siguro'y magdamag silang nagmaneho. Kaya't mabuting malaman na may ganiyang pagtitiwala ang mga tao at sila'y nananampalataya sa Diyos.

5 Oh, dakilang araw ang kinabubuhayan natin. At umaasa tayo ngayon, na makakuha ng higit pa sa mga kapanahunan ng iglesiang ito. Ngayon, sinisikap nating magsimula ng mas maaga bawat gabi, upang makapagpauwi tayo ng maaga. Mas gusto n'yo ba iyon? At sa gayo'y mapauuwi natin ang mga taong kailangang magtrabaho upang sila'y makapasok. Nakalabas tayo kagabi ng mga lima, o sampung minuto matapos ang alas nuwebe, o kahit papaano tapos na ako no'n. Kaya't nagagalak tayo na makasama ang mga bisita nating mga ministro ngayong gabi. At a—ako'y… Sina Brother Junior Jackson, Brother Carpenter, at ang mga kapatiran na galing sa iglesiang iyon, at maraming pang iba na naririto ngayon sa entablado at nasa pagkakatipong ito.

6 At may nakapagsabi sa akin na nasa pagtitipon kagabi ang isa kong napakatalik na kaibigan na kasa-kasama ko sa pagmimisyon, sina Brother at Sister Andrew na nanggaling pa sa kasukalan ng China. Nagkaroon kami ng napakainam na panahon sa Jamaica nitong nakaraang taon. Napakainam ng panahong pinagsaluhan namin; nakapunta ako sa kanilang tahanan. At naku, iniisip ko kung naririto sa gawain ngayong gabi sina Brother at Sister Andrew? Hindi masyadong maganda ang pagkakagawa ng gusaling ito, kaya… Ayun, nakaupo sila doon sa may likuran. Maaari ba kayong tumayo man lang sa ilang sandali Brother at Sister Andrew. Pagpalain kayo ng Panginoon. Nagagalak kaming makita kayo, Brother at Sister Andrew. Inimbitahan ko silang pumarito nang naroroon ako nu'ng nakaraang taon.

7 Ngayon, hindi ko ito sinasabi dahil naririto sila (Marami pa akong sasabihin, ngunit hindi ko sasabihin ngayon.), ngunit sila ang tinatawag kong tunay na mga misyonero. Kung makapaparito sila bukas ng gabi, pagsalitain

ninyo sila bago kami pumasok. Gusto kong marinig ninyo kung ano ba talaga ang ibig sabihin ng pagmimisyon, nang sila'y mapasapinakapusod ng dakong iyon na wala na silang anumang bagay na… Buweno, sila'y… Sa wari ko'y gumugol sila ng napakaraming taon doon, at ni hindi sila nakakita ng kotse, o kaya'y tren, o anupaman sa loob ng napakaraming taon. At kung papaanong gumagawa si Sister ng kanilang tinapay mula sa… Kung papaano niya ito minamasa. At… Ngayon, iyan ang tunay na misyonero.

May sinulid at karayom si Brother Andrew, at siya ang nagsilbing duktor; siya ang tumatahi sa kanilang lahat kapag sila'y nasusugatan. At palagay ko kapag nanganganak sila, si Sister Andrew marahil ang nagsilbing kumadrona at duktor naman si Brother Andrew. Sa kanila lang sila dumipende.

8 At nang sabihin ng misyon sa Inglatera, ang Pentecostal Missions ng Inglatera na masyado na silang matanda para muling magmisyon (Sasabihin ko na lang sa inyo kung gaano katindi ang kanilang pagiging misyonero.), ayaw nilang maupo sa isang maginhawang upuan; nagbalik sila kaagad nang walang sumusuporta papunta sa Jamaica at ngayon ay mga misyonero sila roon. Ako at si Brother Fred Sothmann ay nagkaroon ng pribilehiyo na makapunta at makabisita sa kanilang tahanan, at kaibig-ibig ang pagtanggap na ipinakita nila sa amin; buong kagiliwan bilang mga Cristiano. At sinasabi ko sa inyo; hindi ko ito hinahayag para… Mas pipiliin kong bigyan sila ng munting parangal ngayon sa halip na isang korona paglisan nila. Sinasabi ko sa inyo; tunay silang mga Cristiano. At sinabi ko sa aking maybahay na si Sister Andrew ay isa sa pinakamagiliw, pinakamabuting babaeng Cristiano na maaaring makilala ng isang tao. Siya'y isang… Ang kaniyang karakter ay naihubog din kay Cristo; gayundin si Brother Andrew. Kaya natitiyak ko na sila'y nakita n'yong lahat, tumayo sila kani-kanina lamang; nais kong makamayan sila ng buong iglesiang ito at mapakinggan bago sila umalis.

9 Buweno, bukas, kung loloobin ng Panginoon, tayo'y… Bukas ng gabi sisimulan natin ang ikalawang kapanahunan ng iglesia. Ngayong gabi ay magsisimula tayo sa unang kapanahunan ng iglesia. Natitiyak kong may nakalaang pagpapala ang Panginoon para sa atin. At tandaan n'yo, tulad ng nasabi ko dati, may mga pagkakataong marahil ay hindi tayo magkasundo sa mga bagay na ito kung teolohiya ang pag-uusapan. At karamihan sa mga petsang nakuha ko ay galing sa mga tunay na mananalaysay, na sadyang hindi intersado sa alinmang panig; isinusulat lang nila ang mga tunay na pangyayari, anuman ang ginawa ng mga iglesia. At aking… Anupa't ang Makalangit na bahagi ng interpretasyon, ay ako ang naglalapat sa abot ng aking nalalaman. At kung makapangusap ako minsan ng

tila mabagsik o may kagaspangan, o anumang gaya niyan, hindi ko iyon sinasadya. Alam iyan ng lahat ng nakakikilala sa akin, na hindi ko iyon gustong gawin. Nais ko lang… Ngunit upang mapakapit ang isang punto, ika'y… Gaya ng pagbabaon ng pako sa kahoy, kung itutusok mo lang, hindi ito pipirmi. Kailangan mo itong ibaon nang husto at rematsihin upang kumapit. At iyon ang sinisikap kong gawin. Kaya't hindi sa gusto kong makipagtalo, dahil nangungusap ako para sa lahat ng mga denominasyon at iba pa, kaya hindi ito… Ito'y…

10 Palagi kong sinasabi, gaya ng pagmamarka sa mga baka. Naaalala ko maraming taon na ang nakalilipas, nakaupo ako habang sila'y—tinitipon nila ang mga baka sa panahon ng tagsibol, dinadala ang mga ito sa kagubatan, at tumulong akong itaboy ang bakahan sa tinatawag nilang drift fence kung saan nagpapanginain ang Hereford Association—sa Troublesome River Valley. At nakaupo ako roon at nakasampay ang aking binti sa sungay ng upuan, nagmamasid sa mga tanod-gubat habang nagmamanman sila sa pagdaan ng mga baka sa drift fence. Ngayon, kailangan mong magkaroon ng… Iyon ay kapag magpupunta ka sa pag-aari ng gobyerno, at kailangan mong makapagtanim ng isang toneladang dayami bago ka makapagdala ng baka sa pastulan. At kapag nakapagtanim ang bawat rantso ng ganito karaming dayami, nakapaglagay ng ganito karaming mga baka, kung magkagayo'y mapapasa kanila na iyon.

11 Ngayon, iba't iba ang tatak ng mga bakang dumadaan doon. Ang iba sa mga ito ay may "Bar X." Si Mr. Grimes na katabi namin ay may "Diamond T," may T sa dulo, isang diyamante. Naroon din ang "Lazy K," sa bandang ulunan ng Troublesome River. Ang sa amin ay ang "Turkey Track." Sa mismong ibaba namin ay ang "Tripod." At lahat ng uri ng tatak ay dumadaan sa pintuang iyon. At napuna kong hindi masyadong pinapansin ng tanod-gubat ang mga tatak na iyon; hindi niya iyon tinitignan. Minsan sila'y nasa kaliwang bahagi ng baka, kaya hindi niya maaaring makita ang tatak ng baka. Kaya't hindi niya minamanmanan ang tatak. Ngunit isang bagay ang tiyak niya, na walang bakang nakalusot doon na walang pananda ng dugo sa tainga nito. Dapat puro itong Hereford o hindi ito pahihintulutan sa kagubatan. Hindi masyadong mahalaga ang tatak, kundi ang pananda ng dugo. 17 At sa palagay ko'y magkakagayon din sa araw ng paghatol. Hindi Niya hahanapin ang tatak na suot natin, kundi ang pananda ng Dugo, "Kapag nakita Ko ang Dugo, lalampasan Ko kayo."

[Kinausap ni Brother Branham si Brother Gene tungkol sa mikropono—Ed.] Ngayon, may mali ba ako, Gene? Tumatalbog ang tunog. Sige… Ito'y dahil sa pagkakaiba ng puwesto ng dalawa, tama ba? Tama. Salamat Brother Gene, sige.

12 Ngayon, sisikapin natin muling makalabas nang maaga ngayong gabi, upang makabalik tayo bukas ng gabi at matalakay natin ang mga kapanahunang ito. At sinasabi ko sa inyo; napakahirap para sa aking pigilin na ihayag ang ilan sa mga dakilang bagay na nasa gilid ng daan: sinusubukan kong mailabas ang lahat ng minsanan sa isang gabi. Alam ninyo, medyo ganiyan ang katangian ko, ngunit kailagan kong magpigil nang kaunti bawat gabi. 19 Ngayon, bago natin simulang buklatin ang dakilang Aklat, kung mamarapatin nating sumandaling tumayo upang makapagpalit ng posisyon habang nakatayo tayo, kung magagawa n'yo. At magsiyuko tayo nang buong kataimtiman ngayon, para sa panalangin.

13 Makalangit naming Ama, muli kaming lumalapit sa Iyong dakila't banal na trono, dumudulog kami nang walang pag-aalinlangan, dahil inanyayahan kaming lumapit. Hindi namin maaaring sabihing lumalapit kami sa ngalan ng isang iglesia o denominasyon, o sa ngalan ng iglesiang ito, o sa aming sariling pangalan, dahil hindi kami makatitiyak kung pakikinggan kami ng Diyos o hindi. Ngunit sinabi sa amin ni Jesus, "Hingin ninyo sa Ama ang anumang bagay sa Aking Pangalan, at ito'y Aking gagawin," kaya't lumalapit kami sa Pangalan ni Jesus, at diringgin Mo kami, Ama. 21 Lubos kaming nagagalak na mabasa ang tungkol sa mga martir ng mga nagdaang panahon, kung papaano nilang sinelyuhan ang kanilang mga patoto ng sarili nilang dugo; kaya, Ama, dahil dito'y ang pakiramdam nami'y napakaliit ng aming nagagawa para sa araw na ito. At dumadalangin ako sa Iyo, Panginoon, na patawarin Mo ang aming kapabayaan, sa Iyong gawain. At dumadalangin kami na muli Mo kaming pahiran habang binabasa namin ang Iyong Salita, at nakikita ang paghihirap na hatid ng mga nakalipas na panahon upang mabuo ang panuntunan ng dakilang tinubos na iglesia ng buhay na Diyos.

14 Idinadalangin ko sa Iyo, makalangit na Ama, na mangusap Ka ngayong gabi sa pamamagitan namin dahil hindi namin alam kung anong dapat sabihin; naghihintay lang kami at hinihiling ang dalanging ito dahil kami'y nasa Presensya ng Diyos sa Kaniyang iglesia, at hiling namin na ang mga kapangyarihan ng Espiritu Santo na nasa mga taong ito ay magsanib ngayong gabi at maisilid ang Ebanghelyo sa bawat puso, na magbibigay sa amin ng bagong paninindigan at bagong katatagan para sa panahong paparating. Itulot

Mo po ito, Panginoon, dahil nakikita naming namumukadkad na ang punong igos, at nagiging isang bansa na ang Israel, at ang mga araw ng Hentil ay papalipas at nabibilang na, at inaabangan namin ang pagdating ng dakilang Manunubos, ang aming Panginoong Jesus Cristo. 23 Lumakad Ka sa aming kalagitnaan, Panginoon. Tulad ng nasabi kagabi, "Lumalakad Ka sa gitna ng mga kandelero," kung gayo'y lumakad ka sa aming kalagitnaan ngayong gabi, Panginoon, at bigyang babala ang aming mga puso tungkol sa paparating na kasamaan, at bigyan Mo kami ng kaunawaan sa Iyong Salita, dahil hiling namin ito sa Ngalan ni Jesus. Amen. (Makakaupo na kayo.)

15 Ngayon, gaya ng nasabi ko, bawat araw ay sisikapin kong makapagtala sa papel sa abot ng aking makakaya ng mga panahon, mga lugar, at iba pa, dahil isang kaganapan sa kasaysayan ang ating tatalakayin. Naging kasaysayan ito, at ngayon sa pagpapatuloy natin, ito'y ihahambing din natin sa ating panahon. 25 Ngayon, noong Linggo ng umaga at Linggo ng hapon—o Linggo pala ng gabi, nagkaroon tayo ng maluwalhating panahon. Nakatitiyak ako. Ganu'n din ako.

16 At tungkol sa Apokalipsis… Ngayon, ano ang pinag-aaralan natin? Ang Kapahayagan ni Jesus Cristo. At ano ang natuklasan natin sa ipinakitang kapahayagan ng Diyos at Sino Siya? Ang unang bagay na nakita natin sa lahat ng mga kapahayagan, ay ipinakilala ng Diyos kung Sino Siya, na si Jesus ay hindi ikatlong persona ng trinity; Siya ang kabuuan ng trinity. Siya ang Ama, Anak, at Espiritu Santo. At iyon ang kapahayagan: Apat na ulit na binanggit sa iisang kabanata, na Siya ang Diyos na Makapangyarihan sa lahat, Siya ang nakaraan, ang ngayon, at ang darating, ang Ugat at Supling ni David.

17 Ngayon, makikita natin, na sa mga bagay na ito ay sisikapin nating mapaglinaw ang buong paksa, dahil hindi ko alam kung kailan natin ito muling maririnig, marahil ay hindi na, hanggang ang panahon ay maglaho na papasok sa walang-hanggan. At ngayon, gaya ng sinasabi ko, marahil ay maraming mga kapatirang lalaki, mga guro na mas higit na kwalipikadong mangusap nito kaysa sa akin, at marahil ay makapagbibigay ng mas mainam na paliwanag ukol dito, ngunit inilagay ng Diyos sa puso ko na ito'y gawin; samakatuwid, magiging ipokrito ako kung hindi ko sasabihin kung ano sa palagay ko ang tama. Kita n'yo? Kaya nais kong maging malinaw sa harapan ng Diyos sa lahat ng pagkakataon, na "Hindi ko ipinagkait," gaya ng sabi ni Pablo, "na bigyang babala kayo araw at gabi na may pagluha, upang ang iglesia ay mapatatag." Kaya kung mayroon mang mapapahamak, hindi mapapasa kamay ko ang kaniyang dugo, dahil nais kong maging malinis sa dugo ng lahat ng tao sa oras na iyon. Kaya kung hindi ka sang-ayon, aba'y, iyan ay sa isa lamang

mainam at mapagkaibigang kaparaanan; ayos lang iyan. Ngunit, marahil maghahayag ang Diyos ng isang bagay na makatutulong sa ating lahat.

18 Ngayon, unang-una, nakikita nating inihayag Niya ang Kaniyang sarili. Ngayon ay nauunawaan na natin kung Sino Siya. Sa pagpapatuloy, gaya ng aking binanggit tungkol sa pagwiwisik, at bautismo sa "pangalan ng Ama, Anak, at Espiritu Santo" bilang bautismo ng Catolico at hindi bautismo ng Protestante o ng Bagong Tipan, umaasa akong nalinaw ko iyan. 29 At hinilingan ko ang sinuman na magpapakita ng teksto sa Kasulatan kung saan nabautismuhan ang sinuman sa Biblia o hanggang sa Konseho ng Laodicea kung saan nila binuo ang iglesiang Catolico, na may sinumang nabautismuhan sa ngalan ng "Ama, Anak, at Espiritu Santo," maaari bang lumapit kayo at ipakita sa akin. At maglalagay ako sa aking likuran ng, "isang bulaang propeta," at lalakad ako sa lansangan. Ngayon, ginawa ko iyan, hindi upang magmatigas, kundi upang ipakita sa inyo na iyan ang Katotohanan. Kita n'yo?

19 At ngayon, inihahayag dito ng Biblia, na Siya ang Diyos na Makapangyarihan sa lahat na

nagkatawang tao sa ating kalagitnaan. Kita n'yo? Ang Ama, Anak, Espiritu Santo, ay hindi tatlong diyos, o isang Diyos na hinati sa tatlong bahagi. Iisang Diyos ito na gumawa sa tatlong opisina: Pagkaama, Pagiging anak at ang Espiritu Santo. Nanaog ang Diyos mula pa sa Hardin ng Eden, na nagsisikap makagawa ng daan pabalik sa puso ng mga tao, upang sila'y mabuhay at muling maging mga anak na lalaki at babae ng Diyos na kasama Niya, iyan ang Diyos sa itaas natin, Diyos na kasama natin, at Diyos na sumasa-atin. Iyan ang kaibahan. Kita n'yo? 31 At ngayon ang mga bagay iyon… Ipinahahayag iyan ng Biblia at paulitulit na sinabi sa unang kabanata ng Apokalipsis, na siyang tanging Aklat sa Biblia, sa Bagong Tipan, sa buong kasulatan ng Bagong Tipan, ito ang tanging Aklat na sinelyuhan mismo ni Jesus. At sinabi Niya, sa unahan Nito, "Mapalad siya na bumabasa at dumirinig." At sa dulo'y sinabi Niya, "Kung sinuman ang magbawas ng anumang bahagi Nito, o magdagdag ng anuman Dito, ay aalisin ang kaniyang bahagi sa Aklat ng Buhay." Kaya't masusumpa ang sinumang magbabawas; ito ang kumpletong Kapahayagan ni Jesus Cristo. Kaya't kapag ginawa natin Siyang tatlo, alam n'yo na kung anong nangyari. Kita n'yo, naalis na ang inyong pangalan.

20 At walang isa man, walang Protestante, wala sa mga naunang iglesia ang naniwala sa tatlong diyos. Naging malaking usapin ito sa Nicene Council, at pareho itong nasobrahan, napalayo nang husto, sabi nga nila. Ang mga Trinitarian, ang mga naniniwala sa trinity, na humantong sa pagkabuo ng iglesiang Catolico, lubos silang naniwala sa trinity, at ginawang tatlong

persona ang Diyos. At ang isa naman ay naniwalang iisa ang Diyos, at napunta naman sa kabilang panig at naging Unitarian. Pareho silang mali. Ang Diyos ay hindi maaaring… 33 Hindi maaaring maging Ama ni Jesus ang Kaniyang Sarili, at at hindi rin maaaring magkaroon ng ama si Jesus at Siya'y maging tatlong diyos. Hindi ito uubra. Dahil kung mayroon Siyang ama, at ang ama ay ibang tao maliban sa Kaniya, kung gayo'y mayroon Siyang—pagkatapos ang Espiritu Santo ay Ama Niya rin, isa Siyang bastardong anak. Sinabi ng Biblia na ang Espiritu Santo ang Kaniyang Ama. At kung may Espiritu Santo tayo, samakatuwid ay hindi ito ang Espiritu Santo; ang Ama ito na nasa atin sa Ngalan ng Espiritu Santo gamit ang opisina na nasa atin, dahil dati itong nasa isang lalaki na kung tawagin ay Espiritu, bumalik Ito at Ito'y nasa atin na, ang iisang Diyos na Jehovah. Kita n'yo?

21 Walang tatlong diyos. Ang tatlong diyos ay pagano at heteno, at ito'y nadala sa panahon natin. At kung mananatili ka lang ng buong linggo at hindi kaagad manghuhusga, kundi magmamasid, at ito'y dadalhin sa kasaysayan. Kunin n'yo ang mga kasaysayang kinuha ko, o ng iba pa, alinmang kasaysayan. Sadyang pinaaalam lang ito sa atin. Lahat ng kasaysayan ay nagtutugma. Ang mga mananalaysay ay walang pakialam sa alinmang panig; interesado lang sila sa paglalahad ng mga tunay na pangyayari, kung ano ang naganap. At masdan n'yong mabuti kung papaanong pumasok ito ng palihim sa panahon ni Luther at lumabas sa panahon ni Wesley, at pagkatapos ay inilantad sa mga huling araw, ang bautismo sa "pangalan ng Ama, Anak, at Espiritu Santo." Masdan n'yo lang kung papaano ito nakapasok sa iglesiang Catolico sa dark ages, lumabas sa panahon ni Luther, hanggang sa panahon ni Wesley, ngunit sa pagitan ng panahon ni Wesley at ng Laodicea (sa dulo nito) ito'y nakatakdang mailantad. Tama. At lahat ito'y kasaysayan, at hindi lang kasaysayan, kundi ito'y Biblia rin.

22 At ngayong gabi, tatalakayin natin ang pitong kapanahunan ng iglesia na walang iba kundi pitong mga iglesia sa Asia Minor nang isulat ang Aklat. Ang mga iglesiang ito, sa panahong iyon, malamang ay nagtaglay ng mga katangian ng paparating na mga kapanahunan ng iglesia, dahil sa… Maraming pang ibang iglesia maliban diyan, ang iglesia sa Colosas at marami pang iba sa panahong iyon, ngunit pinili ng Diyos ang mga iglesiang ito dahil sa kanilang mga katangian. 36 Ngayon, nakita natin na sa Kaniyang pagkakatayo sa kalagitnaan ng pitong kandelerong ginto, may pitong bituin sa Kaniyang kamay. At ang pitong bituing iyon, ang sabi Niya sa ika-20 talata ng unang kabanata, ay ang pitong mga Anghel sa pitong iglesia.

23 Ngayon, sa Biblia hindi nila maunawaan ang Apocalipsis na ito. Dahil ano'ng maitutulong sa kanila ng pagbabantay at paghihintay kung alam nilang libo-libong taon pa bago dumating si Jesus? Hindi ito ibinigay sa kanila. 38 At sinasabi ko sa mga taong naririto, kayong mga Catolico, kayong mga Lutheran, kayong mga Metodista at iba pa, ang Liwanag na nasa Salita ngayon ay hindi ibinigay kay Martin Luther. Hindi rin ito ibinigay kay John Wesley. Ipinangaral ni John Wesley ang pagpapakabanal na hindi nakita ni Luther. At ang Liwanag ay dumarating ayon sa pangangailangan natin ng Liwanag. Ito ang sabi ng Diyos, at hindi Ito binuksan sa atin dahil itinago Ito sa ating paningin hanggang sa araw na maaari na itong ihayag ng Diyos. Ano pa kaya pag-alis natin? Oo, kumbinsido akong napakarami pa nating hindi nalalaman. Tama iyan. May Pitong Tatak pa, kung tatalakayin lang natin ang buong Aklat ng Apokalipsis, na sinelyuhan sa likuran ng Aklat. At ni hindi ito naisulat sa Aklat. At ang mga Tatak na iyon ay mabubuksan sa kapanahunang ito ng iglesia, at ang huling pitong hiwaga ng Diyos ay mahahayag. O, nais ko sanang mapanatili ang taglamig at talakayin ang kabuuan Nito. Opo. Ang pitong kapanahunan ng iglesia…

24 Tulad ng narinig ni Daniel ang pitong kulog at pagkatapos ay pinagbawalan siya; narinig din ni Juan ang mga tinig, pagkatapos ay sinelyuhan ang Aklat na ito, at ang likuran ng aklat ay sinelyuhan ng Pitong Tatak; ngunit sa mga araw ng pagbubukas ng mga Tatak na ito, matatapos na ang hiwaga ng

Diyos. Sa ibang salita, mahahayag ang Diyos sa Kaniyang iglesia, hindi bilang tatlong persona, kundi bilang isang Persona. Ang hiwaga ng Diyos ay mahahayag, at kapag lubos na itong nahayag, kung gayo'y mabubuksan na ang pitong hiwaga sa iglesia; dahil doon, mabubuhay ang iglesia sa ilalim ng inspirasyon ng Espiritu Santo, kikilos Siya sa loob at labas at magpapakita ng mga tanda ng Kaniyang pagiging buhay at kasama natin, buhay sa ating kalagitnaan, at sa panahong iyon ay sasamba tayo sa buhay na Cristo na nasa ating kalagitnaan.

25 Huwag kayong maghanap ng malalaking iglesia at malalaking bagay. Pag dumating na tayo sa panahon ng Pentecostal, makikita ninyo kung saan sila nabigo. Ang iglesiang "Laodicea" ay nangangahulugang "mayaman, at walang kinakailangan," at hubad, aba, bulag, maralita, at hindi ito nalalaman. Kita n'yo? Nalihis sila sa paghahangad ng maraming salapi, at pagtatayo ng mga gusali, at lahat ng iba pa, gayong ang iglesia sa tuwina ay mga yagit ng mundo. Kinamumuhian sila ng mga tao, itinataboy, nasa mga eskinita, saan man sila maaaring tumira. Basahin ninyo ang Mga Hebreo 11 at kunin ang huling anim o walong talata nito, kung papaanong, "Nangaligaw sila sa ilang, at—at nanamit ng balat ng tupa't kambing, at sila'y mga salat, nangapipighati,

at tinatampalasan." Ang mga taong iyon noon, papaanong makatatayo ang ating mga patotoo sa harapan ng kanilang patotoo sa araw ng paghatol (Kita n'yo?), sa mga taong iyon sa araw na iyon?

26 Ngayon, sa kapanahunang ito ng iglesia… Nakita natin ang pitong iglesia. Ngayon, nais ko itong ipuwesto ng mainam. Palagay ko'y hindi n'yo ito nakikita sa bandang ito; marahil may ilan sa inyong nakakakita. Duda talaga ako rito, ngunit sisikapin kong (Alam kong hindi n'yo nakikita, kayong mga nakaupo rito.) gawin itong pitong kapanahunan ng iglesia. Hahawakan ko ito upang maunawaan ninyo. 43 Ang iglesia ay nagsimula sa araw ng Pentecostes. Maitatanggi ba iyan ng sinuman? Hindi po. Nagsimula ang iglesia sa Pentecostes taglay ang pagpapalang Pentecostal, at itinalaga ni Jesus Cristo na ito'y magpatuloy hanggang sa huling araw taglay ang kaparehong mensahe at pagpapala na gumagawa sa kanila: Ang Kaniyang huling bilin sa Kaniyang iglesia, Marcos 16, "Magsiyaon kayo sa buong sanlibutan, ipangaral ang Evangelio; lalakip ang mga tandang ito sa mga magsisisampalataya." Ngayon, saan daw? "Sa buong sanlibutan." Kanino? "Sa bawat nilalang." Itim, kayumanggi, dilaw, puti, anumang nilalang ito, ipangaral ninyo ang Evangelio sa lahat ng kinapal. "At lalakip ang mga tandang ito sa mga magsisisampalataya." Ngayong gabi, uunti-untiin natin iyan, sisimulan nating himayin ngayong gabi, bawat gabi'y lalakihan natin ang tapyas hanggang sa marating natin ang ating kapanahunan ng iglesia. Ngayon, nakita nating iyon ang Kaniyang bilin.

27 Ngayon, ang unang iglesia ay ang iglesia ng Efeso. Ang ikalawang iglesia ay ang Smirna. Ang ikatlong iglesia ay ang Pergamo. Ang ikaapat ng iglesia ay ang Tiatira. Ang ikalimng iglesia ay ang Sardis. At ang ikaanim na iglesia ay ang Filadelfia. At ang ikapitong iglesia ay ang Laodicea. 45 Ngayon, nagsimula ang unang iglesia noong mga A.D.53, ng itatag ni Pablo ang iglesia sa Efeso. Sa kaniyang pagmimisyon naitatag niya ang iglesia sa Efeso, ang iglesiang Efeso, at siya ang nagpastor dito hanggang sa siya ay pugutan ng ulo noong 66—mga dalawampu't dalawang taon siyang nagpastor sa iglesiang Efeso. Pagkatapos ng kaniyang kamatayan ay sinabi sa atin na si San Pablo—o si San Juan na Mahal ang naging pastor ng iglesia at ipinagpatuloy iyon hanggang sa panahong ito, at ang kapanahunang iyon ay umabot hanggang taong 170.

28 At pagkatapos ng Kapanahunan ng Iglesiang Efeso, mula A.D. 53 hanggang A.D. 170, nagsimula naman ang Kapanahunan ng Iglesiang Smirna na tumagal mula A.D. 170 hanggang A.D. 312. At dumating ang Kpanahunan ng Iglesiang Pergamo, at ang Kapanahunan ng Iglesiang Pergamo ay nagsimula noong 312 at tumagal hanggang A.D. 606. Matapos ito'y dumating

naman ang Kapanahunan ng Iglesiang Tiatira, at ang Kapanahunan ng Iglesiang Tiatira ay nagsimula noong 606 at nagpatuloy hanggang 1520, ang madilim na kapanahunan. At matapos ito'y nagsimula ang Kapanahunan ng Iglesiang Sardis noong 1520 at tumagal hanggang 1750, ang kapanahunan ni Luther. At mula 1750, ang sumunod na kapanahunan ay ang Filadelfia, kapanahunan ni Wesley; nagsimula iyon noong 1750 at tumagal hanggang 1906. At noong 1906, pumasok ang kapanahunan ng iglesiang Laodicea, at hindi ko alam kung kalian ito magtatapos, ngunit tinataya kong matatapos ito ng 1977. Tinataya ko, hindi sinabi sa akin ng Panginoon, ngunit tinataya ko ito ayon sa pangitain na ipinakita sa akin ilang taon na ang nakalilipas, at lima sa mga bagay na iyon (sa pito)—ay naganap na mula…

29 Ilan ba ang nakakaalala ng pangitaing iyon dito sa iglesia? Tiyak nga. Kung papaanong sinabi nito maging ang pagkakahalal kay Kennedy nitong nakaraang eleksyon. Kung papaanong pahihintulutang bumoto ang mga kababaihan. Kung paanong ihahatid ni Roosevelt ang mundo sa digmaan. Kung papaanong tutungo si Mussolini sa Ethiopia, sa kaniyang unang pananakop, at ito'y kukubkubin; at iyon ang magiging wakas; mamamatay siya pagkatapos noon. Kung papaanong lilitaw ang mga dakilang ism at hahantong lahat sa Komunismo; ang Hitlerism, at Mussolini, at Nazism, at iba pa ay mauuwi lahat sa Komunismo. At labing isang taon bago maganap, sinabi nitong makikipagdigma tayo sa Germany, at ang Germany ay magkukubli sa likuran ng konkreto, ang Maginot Line. Naganap ito nang gayung-gayon. At matapos iyon, ang sabi nito, mangyayari na lubhang susulong ang siyensya hanggang sa sila'y

makaiimbento ng kotse, magiging lalo itong kahugis ng "itlog" habang lumalaon ang panahon. At inihayag ang pangitaing iyon sa kinatayuan ngayon ng Church of Christ, sa bahay-ampunan. Si Charlie Kurn, marahil siya'y nasa gusali ngayon, doon pa siya nakatira nung panahong iyon. 47 Naganap ito isang Linggo ng mga ala-syete ng umaga. At ang sabi, "At mangyayari na mag-iimbento sila ng isang kotse na hindi mangangailangan ng manibela; kokontrolin ito ng kung anong lakas." Mayroon na sila nito ngayon. Mayroon na sila ngayong magnetic power, at kinokontrol ng radar. Ni hindi nila… Ipuwesto mo lang ang radar mo sa pupuntahan mo, dadalhin ka na nito: hindi mo na kailangang magmaneho.

30 Ngayon, at sinabi pa ro'n, "Sa panahong iyon, may isang dakilang babaeng lilitaw sa Estados Unidos." At siya'y bihis na bihis at maganda, ngunit malupit ang puso niya. At may inilagay akong panaklong sa pangitain, dilaw pa nga ang papel, na nagsasabi, "marahil ito ay ang iglesiang Catolico." At dahil pinahintulutang bumoto ang mga kababaihan makatutulong itong

maihalal ang maling tao para sa bansang ito. At iyon nga ang kanilang ginawa. Eksakto. Ngayon, ang sabi, "Iyan ang magiging pasimula." 49 Ngayon, isang bagay pa ang sinabi nito, na… At pagkatapos na pagkatapos noon, nakita ko ang bansang ito na naging parang baga at sumambulat at nagkapira-piraso. Ngayon, kung naganap ang mga bagay na iyon, magaganap din ang ibang ito. Tayo'y nasa… Iyan ang dahilan kung bakit ako naririto ngayong gabi at nagsisisikap na ito'y ihatid at iharap sa mga taong ito sa Jeffersonville, dahil naghahanda na akong pumasok muli sa pagmimisyon sa lalong madaling panahon, at hindi ko alam kung anong oras ako tatawagin o aagawin. A—ako'y… Hindi natin alam iyan. At nais kong makatiyak na naipabatid ko sa iglesia ang panahon na kanilang kinabubuhayan, dahil pananagutin ako dito ng Diyos na Makapangyarihan sa lahat.

31 Ngayon, bawat isa sa mga iglesiang iyon, ayon sa Kasulatan, ay may anghel. At ang anghel ay isang… Ilan ang nakaaalam kung ano ang ibig sabihin ng "anghel"? Isa itong "mensahero," isang mensahero. At may—may pitong anghel sa pitong iglesia, na ang ibig sabhihi'y "pitong mensahero." At sila'y mga bituin na nasa Kaniyang kamay. At nasa Kaniyang kamay ang labindalawang—ang pitong bituin na magpapaaninag ng Liwanag ng Kaniyang Presensya sa panahon ng gabing kinabubuhyan natin, kung papaanong pinaaaninag ng mga bituin ang liwanag ng araw sa mundo, upang lumiwanag at makalakad tayo, at makapag-ikot-ikot sa gabi. 51 Ngayon, nakita natin, na sa panahong ito, bawat isa sa mga anghel na iyon ay may posisyon at lugar. At, mga kapatid, hindi natin iyon matatalakay ngayong gabi, dahil kilala natin ang anghel ng unang iglesia, ngunit magiging mahiwaga at maluwalhati na malaman at mahugot sa kasaysayan sa inyong harapan, ang mga anghel ng ibang mga iglesiang ito. Ang anghel ng unang iglesia ay si San Pablo; siya ang nagtatag nito, siya ang mensahero ng Diyos. Ang anghel ng iglesia sa Efeso ay si San Pablo. Ang iglesia… Ngayon, ang dahilan kaya ko ito…

32 Ngayon, maaaring hindi kayo sumang-ayon dito sa iba, ngunit naupo ako ng maraming araw sa ilalim ng inspirasyon hanggang maramdaman kong nahagip ako at napahiran ng Espiritu Santo ukol dito. Sa ganiyan paraan ko nalalaman. At masdan n'yo ang mga lalaking ito na napili, kung ika'y isang mananalaysay, sila'y… Ang mga lalaking inilagay ko riyan, at alam ko sa pamamagitan ng kapahayagan na sila ang mga anghel sa iglesia, at nagtaglay ng katulad na ministeryo ng mga nasa pasimula. At ang ministeryong iyon ay hindi maaaring mabago; kailangang manatili itong Pentecostal hanggang sa dulo.

33 Ngayon, hindi sasang-ayon sa akin ang mga mananalaysay na naririto patungkol sa lalaking ito; ngunit sa iglesiang ito ng Smirna, si Irenaeus ang alam kong anghel ng panahong iyon. Marami sa inyo ang magsasabi na dapat ay si Polycarp. Ngunit mas nakakiling si Polycarp sa organisasyon at sa pagdating ng Catolico kung relihiyon ang pag-uusapan. Ngunit si Irenaeus ay isang lalaking nagsalita ng iba't-ibang wika at nagtaglay ng kapangyarihan ng Diyos, at lumakip ang mga tanda sa kaniya. Iyon 'yon. Siya ang anghel na liwanag ng Diyos, at ipinagpatuloy niya ang Liwanag matapos na maipako sa krus si Polycarp o paslangin, pinatay siya, at si Ireaneus ay isa sa mga estudyante niya noon, at si Polycarp naman ay estudyante ni San Pablo—o ni San Juan. Si Irenaeus ang humalili sa kaniya at nagdala ng liwanag.

34 At ang anghel ng liwanag sa Pergamo ay ang dakilang si San Martin. Hindi ako naniniwalang may mas dakila pang lalaking nabuhay sa mundo, maliban kay Jesus Cristo, kaysa kay San Martin. Kapangyarihan? Lumapit sa kaniya ang mamamatay-tao upang tagpasin ang kaniyang ulo (naniwala siya sa mga tanda at himala, at pagpapalang Pentecostal.), at ng pumaroon sila, tangka nila siyang patayin, hinubad niya ang kaniyang balabal at iniumang ang kaniyang leeg sa kanila. At nang bunutin ng mamamatay-tao ang kaniyang tabak upang tagpasin ang kaniyang ulo, ibinuwal siya ng kapangyarihan ng Diyos palayo sa kaniya, at gumapang siya upang humingi ng…?... Isa siyang anghel ng iglesia. 55 Iba pang mga bagay. Masdan kung papaano niya… Isa sa kaniyang kapatid na lalaki ay binitay, pinuntahan niya siya upang makita kung ano ang nangyari. At pagdating niya roon, siya'y nabitay na nila. Nakahandusay siya, patay na, at nakaluwa ang mga mata. Pinuntahan niya siya, at siya'y lumuhod, at dinapaan ang bangkay nito sa loob ng isang oras, na nananalangin sa Diyos. At lumukob ang kapangyarihan ng Diyos sa lalaking iyon, at siya'y nagbangon at hawak-kamay silang umalis. Isa itong kasaysayan, gaya ng kay George Washington, Abraham Lincoln, o sinupaman. Iyan ay kasaysayan. 56 Opo. Si San Martin ang anghel sa iglesia ng Pergamo, na siyang ikinasal na iglesia na nagdala sa kanila sa Catolisismo pagkatapos noon.

35 Ang anghel ng iglesia sa Tiatira ay si Columba. Ang anghel ng iglesia ng Sardis, ang patay na iglesia… Ang salitang "Sardis" ay nangangahulugang "patay," lumabas itong may taglay na pangalan, ngunit hindi ang Kaniyang Pangalan, "Kundi isang pangalan na pinamumuhay mo, ngunit ikaw ay patay." 58 Masdan n'yo kung papaano nila inilabas ang bautismo sa panahong iyon. Kita n'yo, dito ito nagmula. Si Martin Luther ang anghel ng iglesia sa Sardis, ang unang reformer.

Ang anghel ng iglesia sa Filadelfia ay si John Wesley, ang mensahero. 60 At ang anghel ng iglesia sa Laodicea ay hindi pa nakikilala. Makikilala ito isang araw, ngunit marahil siya'y… nasa lupa na… [May patlang sa tape— Ed.]… "Siya na may pakinig…" [May patlang sa tape—Ed.]… alam nating ito ang panahong kinabubuhayan natin. Ang Diyos ang magpapasya tungkol diyan.

36 Ngayon, pansinin, at tutungo na tayo sa Kasulatan, pabalik sa unang kapanahunan ng iglesia. Ngayon, nais kong… May mga mumunting bagay akong isinulat dito na nais kong pakinggan ninyong mabuti. 62 Ang unang iglesia, ang iglesia sa Efeso, ang mga gawa ng iglesia, na sinaway sa kanila ng Diyos, ay ang mga gawang walang pag-ibig. Ang gantipala nila ay ang Puno ng Buhay. 63 Ang iglesia ng Smirna ay isang inusig na iglesia, nakaranas ng kapighatian: putong ng Buhay ang gantimpala. 64 Ang ikatlong iglesia, ang Pergamo, ang kapanahunan ng hidwang doktrina, ng kasinungalingan ni Satanas, ng pundasyon ng pamumuno ng papa, ng pagpapakasal ng iglesia at estado. Ang gantimpala ay ang natatagong mana at isang puting bato. 65 Ang iglesia ng Tiatira ay ang iglesia ng pananakop ng papa, ang madilim na panahon: ang gantimpala ay kapangyarihan at pamumuno sa mga bansa at ang Tala sa Umaga. Iyan ang kakaunting nagpatuloy.

37 Ang iglesia ng Sardis ay ang kapanahunan ng repormasyon, ang dakilang pagmimisyon—o hindi pala pagmimisyon, kundi ang natatagong mga pangalan; may sarili silang mga pangalan. At ang gantimpala ay mapuputing damit, at pangalan sa Aklat ng Buhay (na magaganap sa paghatol). Natalakay natin noong nakaraang araw ang Aklat ng Buhay; hahatulan ka mula sa Aklat ng Buhay. Ang mga banal ay malilipat at kukunin nang hindi dumadanas niyan, hindi na sila tutungo roon. 67 Ang kapanahunan ng iglesia sa Filadelfia ay panahon ng pag-ibig sa kapatid, ang panahon ng dakilang komisyon, at ng dakilang panahon ng pagmimisyon, ang pintuang bukas. At ang gantimpala ay ang pagiging isang haligi. Ang kapahayagan ng mga pangalan ng Diyos ay naganap sa panahong ito, nang ito'y matapos na noong taong 1906. Tama. 68 Ang kapanahunan ng Laodicea ay ang maligamgam na iglesia, mayaman, nagkamit ng mga kayamanan, hindi nangangailangan ng anuman, ngunit aba, dukha, bulag at maralita. At ang gantimpala ay ang pag-upo sa luklukan kasama ng Panginoon, lahat ng magtatagumpay sa kapanahunang iyon.

38 Ngayon, sa paghihimay natin upang bahagyang maipakita sa inyo ang tungkol sa gawain natin ngayong gabi, kukunin natin ang ikalawang kabanata, ang unang panahon ng iglesia. Ngayon, ating… Nahayag na Siya at alam na natin kung Sino Siya; Siya'y Diyos. 70 Ngayon, gaya ng sabi ko, nagsimula ang panahon ng iglesia sa pagitan ng 53 hanggang 170. At (a) ang syudad ng Efeso, isa sa tatlong dakilang mga syudad ng Asia, kadalasang tinatawag na ikatlong syudad ng pananampalatayang Cristiano (Una ang Jerusalem; ikalawa, Antioquia; at ikatlo, Efeso.). (c) ang syudad ng dakilang komersyo at pangangalakal… (e) Romano ang pamahalaan. (f) Ang lengguwahe ay Griyego. 71 Naniniwala ang mga mananalaysay na sina Juan, Maria, Pedro, Andres, at Felipe ay doon lahat inilibing. At nakilala ang Efeso dahil sa kagandahan nito.

39 Ang Cristianismo sa Efeso ay masusumpungan sa tinitirhan ng mga Judio. At naitatag ito noong A.D. 53 o 55. Si San Pablo ang nagtanim doon ng Cristianismo. Pagkatapos noon, namalagi ng tatlong taon si San Pablo sa Efeso. Nakaimpluensya nang malaki ang turo ni San Pablo sa mga mananampalataya sa Efeso. Kasunod no'n, si Timoteo ang naging unang Obispo ng iglesia sa Efeso. Sumulat si Pablo sa iglesia ng Efeso. Sa panahon ni Pablo ito'y isa nang malaking iglesia. 73 Ang pangalan mismong "Efeso" ay nangangahulugang "nagpabaya, nagsawalang-bahala, nanlamig," tinawag ito ng Diyos na, "Nanlamig na iglesia." Kinilala muna ng Diyos ang kanilang mga gawa, ang kanilang pagpapagal, at ang kanilang pagtitiis. Sinaway sila ng Diyos sa pag-iwan nila sa kanilang unang pag-ibig, sa panlalamig, at sa pagtigil nila sa pagdadala ng Liwanag. Hindi nadaya ang iglesiang Efeso; nabigo ito sa hindi pagpapatuloy sa sakdal na pag-ibig.

40 Ang buod ng mga bunga ng Efeso: walang pag-ibig, natuloy sa pagtaliwakas. Ang mga pangako: pinangako ang Paraiso sa mananagumpaya ng mga banal sa Efeso sa kapanahunang iyon, ipagkakaloob sa kanila ang Punong kahoy ng Buhay. 75 Narito ang isang magandang bagay. Ang Punongkahoy ng Buhay ay nabanggit ng tatlong ulit sa Genesis, tatlong ulit din sa Apokalipsis. Una itong nabanggit sa Genesis doon sa Eden, at si Cristo ang Punongkahoy. Ang tatlong beses na pagkakabanggit nito sa Apokalipsis, ay nung nasa paraiso si Cristo. Oh, napakayaman niyan. Pagpalain nawa kayo ng Panginoon.

41 Ngayon, magsisimula tayo sa Unang kabanata ng Efeso—o sa unang talata ng ikalawang kabanata, ang iglesiang Efeso:

Sa anghel ng iglesia sa Efeso ay isulat mo; Ang mga bagay na ito ay sinasabi ng may hawak ng pitong bituin sa kaniyang kanang kamay, na yaong lumalakad sa gitna ng pitong kandelerong ginto; 77 Si

Juan ang mensahero ng panahong iyon. Ang lumalakad sa kalagitnaan ng pitong kandelerong ginto ay si Jesus Cristo, ang Diyos na Makapangyarihan sa lahat. Ano ang Kaniyang ginagawa? Hindi niya sinabing lumalakad Siya sa isang kandelero; lumalakad Siya sa kalagitnaan ng lahat ng mga iyon. Ano ang ibig sabihin nito? Na Siya ang Diyos na di nagbabago kahapon, ngayon, at magpakailanman, at sa bawat mananampalataya ng bawat kapanahunan ng iglesia. Dumarating Siyang taglay ang Espiritu Santo sa bawat kapanahunan at sa bawat tao: Siya pa rin kahapon, ngayon, at magpakailanman.

42 "Hawak Niya sa Kaniyang kanang kamay…" Ang "kanang kamay" ay nangangahulugan ng Kaniyang "kapamahalaan at kapangyarihan." Hawak sa Kaniyang kanang kamay, sa ilalim ng Kaniyang pamamahala, ang pitong mensahero sa pitong mga kapanahunan ng iglesiang. Oh, gusto ko iyan. Makikita n'yo Siyang palakad-lakad sa gitna ng mga kapanahunan ng iglesiang ito, ang Cristo, ipinakikilala ang Kaniyang Sarili sa Kaniyang bayan sa madilim na mga kapanahunang nagdaan, sa bawat kapanahunan; samantalang naging pormal naman ang iglesia at naghiwa-hiwalay sa magkakaibang direksyon, ngunit ang maliit na bilang ng iglesia ay nanghawakan pa rin, at si Cristo ay gumawang kasama nila, pinagtitibay ang Kaniyang Salita; nalusutan nila iyon.

43 Napakadaling makita kung bakit taglay natin kung ano'ng mayroon tayo sa araw na ito, kapag sinimulan ninyo itong pag-aralan. Ngayon, dito sa pasimula… Wari ko'y kaya ninyong makita ang ganito kataas. Narito ang isang kapanahunan ng iglesia, iyan ang Pentecostes. Ang ikalawang kapanahunan ng iglesia, ikatlo, ika-apat, ikalima, ika-anim, ikapitong kapanahunan ng iglesia. Ngayon, kung papansinin ninyong maigi, nagsimula ang iglesia sa Pentecostes. Ilan ba ang naniniwala ro'n? Nakita n'yo ang nangyari sa Pentecostes, at masdan natin ang iglesia sa pagpapatuloy nito. Sadyang padilim ito nang padilim, padilim nang padilim; kaunti pa, nalugmok na ito nang ganiyan habang ang tunay na iglesia naman ay palabas na. 80 Ngayon, ang Cristo… Hindi mahalaga gaano man kaliit ang isang iglesia, "Saan man nagkakatipon ang dalawa o tatlo sa Aking Pangalan, ay maparoroon Ako sa kanilang kalagitnaan." Kung sila'y magkakatipon sa ano? Sa pangalan ba ng Metodista? Sa ngalan ng Baptist? Sa ngalan ng mga Pentecostal? Sa Pangalan ni Jesus. Saan man nagkakatipon ang dalawa o tatlo, gaano man ito kaliit… At magiging napakaliit nila sa huling mga araw,

na aniya kakailanganin Niyang dumating nang mabilis at paikliin ang paggawa kung hindi'y walang lamang maliligtas para sa pag-agaw. "Saan man nagkakatipon ang dalawa o tatlo sa Aking Pangalan."

44 Ngayon, sa unang yugto, ang mga apostol. Makikita nating ito ang pasimula, ang Pentecostes. Palakad-lakad Siya, Siya pa rin ang dakilang Diyos, kaparehong mga dakilang tanda ang nakatakdang maganap sa lahat ng mga kapanahunang ito sapagkat lumalakad Siya sa kalagitnaan ng bawat kapanahunan. Pinagpapala ang ano? Ang Kaniyang bayan na nagkakatipon sa Kaniyang Pangalan. Nais kong ito'y masdan n'yo habang dinadaanan natin ang kabuuan ng iglesia. Taglay ng iglesiang ito ang Pangalan ni Jesus. Taglay ng iglesiang ito ang Pangalan ni Jesus. Taglay ng iglesiang ito ang Pangalan ni Jesus. At naiwala ito ng iglesiang ito. Lumabas naman ang iglesiang ito, ang kapanahunan ng Lutheran, na may "isang pangalan na pinamumuhay, ngunit patay." At nagpatuloy ito hanggang sa dulo ng panahong ito; at sa pagitan ng kapanahunang ito at kapanahunang ito ay may inilagay na pintuang bukas na nagbalik muli ng Pangalang iyon sa iglesia. Ngayon, masdan at tignan n'yo kung hindi ito totoo, matapos nating kunin sa mga Kasulatan. Sa pagitan ng mga kapanahunan…

45 Ngayon, sisikapin ko bukas ng gabi na ito'y maipuwesto dito sa itaas upang makita nating lahat. At paparito ako marahil bukas ng hapon at iguguhit ko ang balangkas ng nais kong ipangusap sa inyo. At kung sino man sa inyo ang may mga aklat ng kasaysayan, dalhin ninyo. O kaya'y dalhin ninyo ang inyong mga sulatan at magtungo kayo sa library o saan man, at kunin n'yo ang kasaysayan, at basahin, at tignan kung ito ba ay tama.

46 Ngayon, ang unang talata. Ano ang ginagawa Niya? Binabati Niya sila. Sa—sa anghel ng iglesia sa Efeso… (kay Juan)… ay isulat mo; Ang mga bagay na ito ay sinabi niya na may hawak ng pitong bituin sa kaniyang kanang kamay, na lumalakd sa gitna ng pitong kandelerong ginto; (Ito'y isang pagbati.) 85 Ngayon, sa ikalawa at ikatlong talata, pinupuri Niya sila. Nalalaman ko ang iyong mga gawa, at ang iyong pagpapagal at pagtitiis…at hindi mo matiis ang masasamang tao, at sinubok mo ang mga nagpapanggap na apostol, at sila'y hindi gayon, at nasumpungan mo silang pawang bulaan: 86 Kita n'yo, nagsimula nang pumasok ang pagtaliwakas sa unang kapanahunang ito ng iglesia, nagsimula na ito diyan pa lang; dahil ang hihirang at tunay na iglesiang nagnasang tumupad sa mga kautusan ng Biblia, at sa mga Salitang sinabi ni Jesus sa Kaniyang patotoo, ay nagsimula nang

humiwalay. May isang bagay na nagsimula nang maganap, at mayroon nang mga bulaang guro na nagsilitaw, mga taong nagtuturo ng mali, salungat sa Kasulatan, at nagsisikap na magdala o magdagdag ng kung anong bagay. 87 Iyan ang dahilan kaya Niya ibinigay ang kapahayagan ito sa iglesia at Kaniyang sinabi, "Sinumang magbawas o magdagdag, ang iyong bahagi ay aalisin sa Punongkahoy ng Buhay." Iyon ay mapapahamak, kapatid. Huwag mong pakialaman ang Salita ng Diyos. Hindi mahalaga kung sino o ano man ang masaktan Nito, uto'y ihayag mo pa rin. Kung papaano ito isinulat, ganu'n dapat. Hindi natin kailangan ng anupamang ibang dakilang bagay; hindi natin kailangang ipaliwanag pa ito sa atin ng pari o

ng sinuman. Ang Diyos na Espiritu Santo ang Tagapagpaliwanag. Siya ang nagbibigay ng interpretasyon.

47 Ngayon, kung inyong papansinin, tumalikod sila sa masasama at nabunyag nila ang mga bulaang propeta, matapos na sila'y mapatunayang bulaan, may anyo ng kabanalan… Kita n'yo kung papaano nagsimulang maging pormal ang iglesia sa panahong iyon? 88 Sinimulan nilang panghinain ang mga taong nasa ilalim ng inspirasyon ng Espiritu Santo, at inumpisahan nilang pagtawanan ang mga ito. 89 Buweno hindi ba't sinabi ni Jesus, "Mapalad kayo kung kayo'y pinaguusig dahil sa katuwiran"? Hindi Niya sinabing umpisahan n'yo nang maging pormal. Ang sabi Niya, "Mangagalak kayo, at mangagsayang totoo, sapagkat ganiyan din nila inusig ang mga propetang nauna sa inyo." Sinabi niya iyon sa mga sermon sa Mateo 5. "Mapalad kayo." Aba, ang pagtawanan kayo ng mga tao dahil mahal ninyo ang Panginoong Jesus ay isang pagpapala. Sila'y… Kapag sinusumpa nila kayo, pinabababa nila ang mga pagpapala ng Diyos sa inyo. Bumubuwelta iyon sa kanila, gaya ng nangyari kay Balaam dati. Bumubuwelta ito sa kanila. Kapag pinagtatawanan nila kayo bilang Cristiano, aba'y, bumubuwelta ito sa kanila, at pinagpapala kayo ng Diyos, sapagkat "Mapalad kayo kapag pinag-uusig kayo dahil sa Aking Pangalan." Dahil sa Kaniyang Pangalan, "Mapalad kayo."

48 Ngayon, makikita natin na gusto na nilang magpasimula at pumasok sa isang anyo ng kabanalan. 91 Ngayon, maaari akong tumigil dito at mangusap ng isang bagay: wari ko'y gagawin ko nga. Napansin n'yo ba na sa bawat revival… Ngayon, mga kapatirang ministro, ito'y pag-aralan n'yo. Ang bawat revival ay nagbubunga ng kambal, kung paanong si Jacob at Rebeca ay nagbunga ng kambal: Sina Esau at Jacob. Sina Isaac ang ibig kong sabihin at Rebekah sa halip na si Jacob. Nagbunga ng kambal sina Isaac at Rebeca. Banal ang ama; banal din ang ina; ngunit nagkaanak sila ng dalawang lalaki: Sina Esau at Jacob.

Ngayon, pareho silang relihiyoso. Ngunit si Esau, pagdating sa gawa at kilos, bilang isang tunay na legalista, mas mahusay siyang lalaki sa lahat ng banda kaysa kay Jacob. Alam n'yo ba iyon? Si Jacob ay isa lamang batang lalaki na palaging nakabuntot sa kaniyang ina. Ngunit si Esau ay lumalabas at nagtatrabaho, umaalis siya at kumukuha ng karne ng usa upang ibigay sa kaniyang bulag na amang propeta; sinisikap niyang alagaan siya. Ngunit isang bagay lang ang nasa isip ni Jacob; hangad niya ang pagkapanganay. Hindi mahalaga sa kaniya kung gaano katagal niya kailangang maghintay o anuman ang kailangan niyang gawin; ang pinakamahalagang bagay sa kaniya ay ang pagkapanganay. Samantalang winalang-halaga iyon ni Esau.

49 Ngayon, hindi n'yo ba nakikita ang natural na tao, ang likas na tao? Kapag dumarating ang isang revival, dalawang uri ng tao ang lumalabas mula sa bawat revival. May natural na taong hahayo, at lalapit sa altar at magsasabi, "Opo, tinatanggap ko si Cristo bilang Tagapagligtas." Paglabas niya ano'ng mangyayari? Ang una mong malalaman, mapupunta siya sa isang malamig at pormal na iglesia, dahil iniisip niya, "Buweno, 'pag umanib ako sa iglesia, singbuti na ako ng ibang tao. Hindi ba't singbuti rin ako ni ganito at ni ganyan? Ano'ng bang kaibahan, basta't kasapi ako sa iglesia at nangungumpisal? Aba, napakalaki ng kaibahan. Kailangan kang maipanganak na muli. Kailangan mong taglayin ang pagkapanganay. 94 At hindi mahalaga kay Jacob gaano man siya pagtawanan. Hinangad niya ang pagkapanganay, at sa paano mang paraan kailangang makuha niya iyon.

50 Ngayon, ayaw kunin ng maraming tao ang pagkapanganay, dahil iniisip nilang medyo di ito katanggap-tanggap sa karamihan. Ayaw nilang lumuhod sa altar at lumuha nang kaunti, o magpalipas ng ilang pagkain, at iba pang bagay. A—ayaw nilang gawin iyon. Maraming kababaihan na makapal ang make-up, nag-aalala silang baka mabura ito kung sila'y iiyak, at kakailanganin nilang maglagay ulit. Aba, sila'y… ito'y… At hindi ko sinasadyang sabihin iyon sa mapaglapastangang paraan; umaasa akong hindi ito ganiyan; ngunit iyan ang totoo. Talagang ayaw lang nila nito. 96 Ayaw nila ng bagong kapanganakan, dahil ang bagong kapanganakan ay medyo makalat. Gaya ito ng iba pang kapangananakan. Anumang kapanganakan ay makalat, saan man ito maganap. Sa kural man ng baboy, o sa kamalig, o sa isang kulay rosas, at napapalamutiang silid ng ospital, ito'y makalat. 97 Ang bagong kapanganakan ay makalat din naman. Amen. Pagagawin ka nito ng mga bagay na hindi mo akalaing magagawa mo: tatayo ka sa isang sulok at tutugtog ng tambourine, o aawit ng "Kaluwalhatian sa Diyos. Hallelujah. Purihin ang Diyos. Luwalhati sa Diyos." Aba'y, aasta kang tulad

sa isang baliw. Ganiyan ang ginawa nito sa mga apostol; ganiyan ang ginawa nito kay birheng Maria; kumilos siyang parang lasing. Isa siyang kalat ng lipunan, ngunit kailangan ng kalat para makapagluwal ng buhay. Amen.

51 Malibang mamatay at mabulok ang isang bagay, hindi makalalabas ang buhay mula rito. Malibang mamatay at mabulok ang isang tao sa kaniyang sariling kaisipan, hindi makapapasok si Cristo sa kaniyang puso. Kapag sinisikap mong mag-isip sa iyong sarili, "Ngayon, kung lalapit ako sa altar at magsasabing, 'Opo, Panginoon, mabuti akong tao; tatanggapin Kita. Magbabayad ako ng aking ikapu. Gagawin ko ang ganito," kailangan mong mamatay at mabulok diyan mismo sa iyong kaisipan. Hayaan mong sakupin ka ng Espiritu Santo at gawin anumang nais Niya sa iyo. Medyo magiging makalat Siya rito. Nakatatakot iyan sa pandinig, hindi mapaglapastangan, bagkus ito ang katotohanan. Ito lang ang alam kong paraan upang ito'y mapagdiinan nang sa ganu'n ay maunawaan ninyo. 98 Ano ba ang mas makalat sa marangal na

bungkos ng mga Judio ng araw na iyon, kaysa sa makita ang mga taong ito na lumalabas na may nauutal na mga labi? Alam n'yo ba kung ano ang pagkautal? [Ipinakita ni Brother Branham ang pagkautal—Ed] …?... Iba't ibang mga wika, at umaastang parang mga lasing. [Ipinakita ni Brother Branham kung paano umasta ang isang lasing— Ed] Ganoon nga ang ginagawa nila. Magulo silang tignan. At sinabi niya, "Puno ba ng bagong alak ang mga taong ito?"

52 Ngunit matapos na mahimasmasan ang isa sa kanila, sinabi niya, "Mangaalaman nawa ninyong lahat ito, at inyong pakinggan ang aking mga salita; hindi sila mga lasing na gaya ng inyong inaakala." At tumungo siya kaagad sa Kasulatan, "Ito yaong sinalita sa pamamagitan ng propeta Joel, 'At mangyayari sa mga huling araw,' sabi ng Diyos, 'Ibubuhos ko ang Aking Espiritu sa lahat ng laman.'" 101 Ganiyan unang ipinanganak ang iglesia. Sino ang naniniwala na ang Diyos ay impinit? Kita n'yo? Kung gayo'y hindi siya nagbabago. At kung ganu'n ang ideya Niya ng isang iglesia sa pasimula; ganu'ng uri rin ng iglesia ang tataglayin Niya sa huling panahon. Hindi Siya maaaring magbago. Kaya papaano mo ito papalitan ng pakikipagkamay, o pagwiwisik, o—o iba pang mga bagay na hindi naganap noon? Iyon kaagad ang binalikan ng bawat isa sa mga apostol.

53 Matapos nilang gawin ang lahat ng mga ito… Lumagpak sa kanila ang Espiritu Santo, ani Pedro, "Mahahadlangan ba natin ang tubig, yamang tinanggap ng mga ito ang Espiritu Santo tulad din naman natin noong

pasimula?" At inutusan niya sila na magpabautismo sa Pangalan ng Panginoong Jesus. Tama. 103 Humayo si Pablo at nakasumpong ng mga taong sumisigaw, nagsasayang lubos, isang lupon ng mga Baptist na lumuluwalhati sa Diyos, at sinabi niya, sa Mga Gawa 19, aniya, "Tinanggap baga ninyo ang Espiritu Santo mula nang kayo'y magsisampalataya?" 104 Ang sabi nila, "Hindi man lang namin alam na may Espiritu Santo." 105 Aniya, "Papaano ba kayo nabautismuhan?" 106 Sumagot sila, "Ang lalaking nagbaustismo kay Jesus ang siya ring nagbautismo sa amin: Si Juan Bautista." 107 Ang sabi niya, "Oo, hindi na iyon uubra ngayon." Kita n'yo? Sinelyuhan ito ni Pedro noong araw ng Pentecostes. Nasa kaniya ang susi. Kita n'yo? 108 Aniya, "Hindi na iyon uubra; kailangang mabautismuhan kayong muli." Kaya binautismuhan niya silang muli sa Pangalan ng Panginoong Jesus Cristo, pinatungan ng kamay, at nagbunga ito ng kaparehong resulta tulad ng tinaglay nila nung pasimula. Bumaba sa kanila ang Espiritu Santo; nagsimula silang magsalita ng iba't-ibang wika at manghula.

54 Ngayon, ganiyan ang iglesia sa kapanahunang nagdaan. Ito'y nag-umpisa dito mismo sa pasimula. 110 "Nalalaman Ko ang iyong pagtitiis. Dakila ang iyong pagpapahinuhod. Alam Kong… Ngayon, tandaan mo, Ako Yaong lumalakad sa gitna ng mga kandelero. Nalalaman Ko ang iyong pagtitiis, at ang iyong mga gawa, at ang iyong pagpapagal, at ang iyong pag-ibig at iba pa. Nalalaman Ko ang lahat ng ginawa mo. At a—alam kong sinubok mo ang mga taong nag-aangking mga propeta, mga apostol, at nasumpungan mo silang pawang mga bulaan." O, direktahan ito, hindi ba? Hindi ako responsable diyan; Siya. Sinabi Niyang sila'y mga bulaan.

55 Ngunit sinabi ng Biblia, "Subukin n'yo ang isang lalaki. Kung mayroon sa inyong kalagitnaan na espirituwal o propeta, o nag-aangking siya'y gayon, Ako na Panginoon ay magpapakilala sa kaniya. Kakausapin Ko siya sa mga pangitain at panaginip. At kapag nangyari ang sinabi niya, kung gayon dinggin n'yo siya; huwag kayong matakot sa kaniya (Kita n'yo?), dahil Ako'y sumasakaniya. Ngunit kapag hindi ito nangyari, kung gayo'y huwag n'yo siyang dinggin; wala sa kaniya ang Aking Salita." Kita n'yo, kung ito'y Salita Niya, magaganap ito. 112 Ngayon, natuklasan nila na ang mga taong ito ay hindi umaasta nang ayon sa Biblia. Kita n'yo, sinisikap nilang makakuha ng ibang bagay. (Gusto kong

talasan ninyo ang inyong pag-iisip ngayon, habang papalapit tayo sa mahalagang bahagi sa loob ng ilang minuto.) Ngayon, ang sabi Niya, "Nakikita ko na mayroon kayong pagpapahinuhod, at pagtitiis sa kanila. Sinubok ninyo sila at nasumpungang hindi sila mga apostol. Sila'y hindi nga gayon."

56 Ngayon, tulad ng sinabi ko sa pasimula, bago natin ito umpisahang muli, bawat revival ay nagbubunga ng isang pares ng kambal. Ang isa'y espirituwal na tao; ang isa nama'y natural na tao ng mundo, "Sumapi ako sa iglesia; singbuti rin ako ng sinumang tao." At iyan ang ibinunga ng revival na ito. Iyan, sa bawat revival. Iyan ang ibinunga ni Luther; iyan ang ibinunga ni Irenaeus; iyan ang ibinunga ni San Martin; iyan ang ibinunga ni Columba; iyan ang ibinunga ni Wesley; at iyan din ang ibinunga ng Pentecostes. Ganiyang-ganiyan nga. 114 Makikita n'yo kung papaano sila lumubha, nagtayo ng kanilang mga simbahan, pagkatapos ay nalihis, at ng naglalakiha't naggagandahang mga lugar, at (ay naku) tumatayo sila at sinasambit ang Kredo ng mga Apostol, "Naniniwala ako sa Banal na simbahang Romano Catolico, at sa komunyon ng mga banal." Sinumang naniniwala sa komunyon ng mga santo ay isang espiritista. Anumang nakikipag-komunyon sa patay ay sa diablo. Tama nga. Mayroon tayong isang Tagapamagitan sa Diyos at sa tao, iyan ay ang Taong si Jesus Cristo. Tama. Iyan ang sinabi ni Pedro.

57 At kayong mga Catolicong mahal, tinatawag n'yong unang papa si Pedro, at unang papang kasamang lumakad ni Jesus… Samantalang ang sabi niya, "Walang ibang Tagapamagitan sa Diyos at sa tao." At heto, mayroon kayong sampung libong iba pa sa ngayon. Bakit labis itong nagbago, kung ang iglesia ay

di nagkakamali at di nagbabago? At ang inyong mga misa ay binibigkas sa salitang Latin upang hindi mabago. Ano nang nangyari? Saan mo makikita sa Biblia ang Kredo ng mga Apostol? Kung may kredo ang mga apostol, ito'y ang "Mangagsisi kayo, at magpabautismo ang bawat isa sa inyo, sa Pangalan ni Jesus Cristo sa ikapagpapatawad ng inyong kasalanan." Wala akong ibang kredong narinig na nalaman nila o binigkas man.

58 Ngunit pagdating sa "banal na Romanong iglesia" at sa lahat ng iba pang mga bagay na ito, at "Diyos Ama na Makapangyarihan na nag-iingat sa langit at sa lupa." Walang kabuluhan iyan. Tama. Wala ito sa Biblia. Walang ganiyan sa Kasulatan. Isa itong gawa-gawang kredo, ngunit ito'y… Lahat ng mga panalangin at iba pa ay gawa-gawa lamang nila. 117 Makikita natin sa araw na ito na ang mga Protestante, pagdating natin dito, ay sadyang nagsilayo sa kanila. At gaya ng sinabi ni Billy Graham noong Linggo, "Labis nang nasadlak sa kamalian ang mga tao hanggang sa iniisip

nilang tama sila gayong mali naman." Tama. Iyan ang katotohanan. Nagagalak ako na… Anopa't alam kong tinanggap ni Billy Graham ang Espiritu Santo sa ilalim ni George Jefferies, ngunit isa sa mga araw na ito siya ay lalabas din doon. Ginagamit siya roon ng Diyos ngayon, dahil kaya niyang yanigin ang kahariang iyon na marahil ay hindi kayang pasukin ng iba. Ngunit makikita mo ang kaniyang pangangaral, na may kung ano sa likod niyon, dahil sa ilang mga nakikipagkamay na Baptist na ito. Opo.

59 Ngayon. Nalalaman Ko ang iyong mga gawa,… at ang iyong pagtitiis,… at hindi mo… 119 Tignan natin ngayon, mayroon akong… Nalalaman Ko ang iyong mga gawa, at ang iyong pagpapagal, at pagtitiis… at hindi mo matiis ang masasamang tao: at sinubok mo ang mga nagpapanggap na apostol, at sila'y hindi gayon, at nasumpungan mo silang pawang bulaan: 120 Nasumpungan Niya silang pawang mga bulaan. Papaano nilang nalaman iyon? Iba ang sinasabi nila sa Salita. 121 Ngayon, kapag sinabi ng isang tao na… Kung sinasabi ng Bibliang ito sa Mga Hebreo 13:8, "Si Jesus Cristo ay Siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman," at sasabihin ng taong iyon, "Naku, tapos na ang panahon ng mga himala," kung gayo'y sinungaling ang taong iyon. 122 Kung sinabi ng Biblia, "Mangagsisi ang bawat isa sa inyo, at magpabautismo sa Pangalan ni Jesus Cristo sa ikapagpapatawad ng inyong kasalanan," at bawat dako sa Biblia ay ganu'n din ang sinasabi, at lahat ng nabautismuhan sa panahon ng Biblia ay nabautismuhan sa Pangalan ni Jesus Cristo, at pagkatapos ay uutusan niya sila na magpabautismo, magpawisik, o iba pang gaya niyan, sinungaling ang taong iyon, nasumpungan siyang isang bulaang propeta. 123 Sana'y hindi ako nakasasakit ng damdamin, ngunit ako'y… Kapatid, hindi mo maaaring tratuhin ito tulad ng sa bata; panahon na para hubarin mo ang guwantes at hawakan ang Ebanghelio. Kita n'yo? Iyan ang totoo.

60 Ngayon, magpakita kayo sa'kin ng iba kaysa riyan. Ipakita ninyo sa akin na may isang taong nabautismuhan sa ibang paraan maliban sa Pangalan ni Jesus (Kita n'yo?), sa labas ng iglesiang Catolico. Kaya kung nabautismuhan kayo sa ganiyang paraan, wala kayo sa iglesiang Cristiano; nasa iglesiang Catolico kayo dahil kayo'y nabautismuhan. Ang sarili nilang "Sunday Visitor," ang sabi ng kanilang katekismo, ang tanong, "May maliligtas kayang

Protestante?" Anila, "Marami sa kanila, dahil ang bautismo nila ay tulad ng sa atin at marami pang ibang tulad no'n." Ang sabi pa, "Binabanggit nila ang tungkol sa Biblia, na ang Biblia ay nagsabing magpabautismo sa Pangalan ni Jesus Cristo, at doon nga namin ito hinango at ipinalit namin ang 'Ama, Anak, at Espiritu Santo' at nagsunuran naman sila." Tiyak nga. Kita n'yo? Hindi isang—hindi… Hindi ito bautismong Cristiano; bautismo ito ng Catolico. 125 Narinig n'yo ba ako nang sabihin ko isang gabi, "Nabautismuhan na ba kayo sa bautismong Cristiano?" Bautismong Cristiano, kay Cristo, Jesus Cristo, hindi sa kung anong titulo.

61 Ngayon, ang ikatlong talata…Sige, ikalawang kabanata at ikatlong talata… Ngayon, ang ikatlong talata… At may pagtitiis ka at nagbata ka, dahil sa aking pangalan, at hindi ka napagod. 127 "Dahil sa Aking Pangalan." Napansin ba ninyo na may pagtitiis sila? Ano'ng kanilang pinagpagalan? Ang Kaniyang Pangalan. Nakikita n'yo ba ang pamamalagi ng Pangalang iyon sa iglesiang iyon? Ngayon, masdan n'yo ito, sa pagpapatuloy natin ng buong linggo kung papaanong iyon ay naglaho at nauwi sa ibang pangalan. Kita n'yo? "May—may pagtitiis, nagpagal, at iba pa, dahil sa Aking Pangalan." Siya'y… Nagpagal sila dahil sa Kaniyang Pangalan. 128 Ang ingatan ang Pangalan ni Jesus Cristo ng higit sa anumang iglesia, higit sa anupamang bagay, ang unahin ito, at… "Anuman…" Ang sabi ng Biblia, "Anumang inyong gawin, sa salita o sa gawa, gawin ninyong lahat sa Pangalan ni Jesus Cristo." Tama ba? "Anuman ang gawin n'yo sa salita o sa gawa… "Kung magkakasal ka, magkasal ka ng tao. Kung hindi pupuwede, kung masalimuot ang kanilang pag-aasawa, huwag mo na lang sila ikasal. Kita n'yo? Kung hindi mo malayang masabi, "Ipinapahayag ko kayo bilang mag-asawa sa Pangalan ni Jesus Cristo," hayaan mo na lang sila. Tama. Kung nais mo silang bautismuhan, bautismuhan mo sila sa Pangalan ni Jesus.

62 Kung kailangan mong gumawa ng isang bagay na hindi mo magawa sa Pangalan ni Jesus Cristo, hayaan mo na lang iyon. May nagsabi, "Uminom ka ng kaunti." Hindi mo iyon maaaring gawin sa Pangalan ni Jesus, kaya huwag mo na lang gawin. Mayroon namang nagsabi, "Magbaraha ka nang kaunti." Hindi mo ito maaaring gawin sa Pangalan ni Jesus, kaya huwag mo na lang gawin. Hindi mo masambit ang ang mumunti mong marurumi at malalaswang patawa sa inyong pagbabaraha sa Pangalan ni Jesus, kaya

huwag mo na lang gawin. Kita n'yo? Hindi ka makapagsusuot ng shorts sa Ngalan ni Jesus, kaya huwag mo na lang gawin. Maaari pa akong magpatuloy, ngunit alam

n'yo kung ano ang sinasabi ko. Tama. Hindi mo iyon maaaring gawin. Ang hindi mo magawa sa Kaniyang Pangalan, huwag mong gawin. Dahil sinabi Niya, "Anumang inyong gawin sa salita o sa gawa, gawin ninyong lahat sa Pangalan ni Jesus Cristo." Tama.

63 Ngayon, tutungo tayo sa… Iyan ang… Pinuri Niya sila dahil diyan. Ngayon, mangungusap ako tungkol sa hinaing sa ikaapat na kabanata—o ikaapat na talata, pala. Ngunit mayroon akong laban sa iyo, na iyong iniwan ang iyong unang pagibig. 131 "Oh, mayroon Akong laban sa iyo. Naging mapagtiis ka; nanindigan ka para sa ang Aking Pangalan." Hindi ba't magiging mabuting bagay iyon para sa Tabernakulong ito sa araw na ito? Opo. "Naging maayos ka, at nagtitiis nang husto, at nagbata nang mahabang panahon, ngunit isang bagay… Nanindigan ka para sa Aking Pangalan. Pinahahalagahan Ko lahat ng iyan. Pinupuri Kita dahil diyan, mabuti iyan. At nakita Kong sinubok mo sila na nagsasabing sila'y mga apostol at iba pa, at nasumpungan mong sila'y pawang mga bulaan, hindi sila makaagapay sa Salita. Pinahahalagahan ko lahat ng iyan. Ngunit mayroon Akong laban sa iyo, at iyon ay dahil iniwan mo ang iyong unang pag-ibig. Iniwan mo ang pag-ibig na dating mayroon ka para sa maiinam at makalumang mga pagtitipon na puspos ng Espiritu Santo, at nagsimula ka nang dumausdos pabalik sa pagiging pormal, dumadalo nang may, "Ama namin…" at isang… Walang kabuluhan. Kita n'yo?

64 Lahat ng samahang ito, at kailangan lumabas ka na may mahabang kasuotan, alam n'yo na, upang makaawit ka sa choir, at may mga gayak ang mga buhok at lahat na, at makapal na pintura sa mukha, at kung umawit sila ay hindi ko malaman kung ano… 133 Hindi pa katagalan, kung hindi lang dahil sa pagtitipon iyon ni Oral Roberts, tiyak na may ilan akong babanggitin. Naroon ako sa—sa…?... Kumbensyon iyon ng mga Business Men, at ginanap ito sa… Wala kaming… Nakatakda akong mangusap ng gabing iyon. Hindi nila iyon maidaos sa hotel, kaya't dinala nila ako sa gusali ni Oral Roberts. At habang nakaupo ako sa silid-aralan ni Oral, may isang grupo ng mga batang Pentecostal (Oh, mga binata't dalaga, mga disisais, disisyete anyos o disi-otso) na nakatayong lahat doon; mga tatlumpo o apatnapu silang kakanta ng isang munting, sa pandinig ko'y isang obertura ng kung sino tulad ng sinasabi ni Becky, isang Tchaikovsky, o anumang tulad niyan; Hindi ko alam, isang uri ito ng klasikal na awitin. At narito sila, kukuha ng offering ang mga kapatirang lalaki sa

pagtitipon, at bawat isa sa mga ito ay sumasabay sa kanila na may hawak na munting sisidlan, nagkukunwaring bulag sila, at lahat ng mga pagpapatawa at pagbibiro ay maririnig mo sa pagitan ng mga kalalakihan at kababaihan, at di mo wari kung papaano sila mag-usap. At ang mga kababaihan ay may sapat na pintura sa mukha, halos mapipinturahan mo na ang gusali ni Oral sa pamamagitan nito. At ganu'n ang itsura nila, at pagkatapos ay nag-aangkin silang mga Pentecostal. Kita n'yo? Naiwala nila ang kanilang unang pag-ibig.

65 Tunay na sumasang-ayon ako kay David duPlessis na, "Walang apo ang Diyos." Wala po. Mayroon tayong mga apo ng Methodist. Mayroon tayong mga apo ng Baptist. Mayroon tayong mga apo ng Pentecostal. Ngunit walang apo ang Diyos. Sila'y mga anak na lalaki at babae. Hindi ka makapapasok sa pamamagitan ng nanay at tatay mo dahil naging mabuti silang lalaki at babae; kailangan mong maranasan ang dinanas nila. Kailangan mong ipanganak na gaya nila. Walang mga apo ang Diyos. Ikaw ay anak na lalaki o anak na babae, o, hindi ka apo; tiyak iyan.

66 Nagtungo ako sa isang pagtitipon, sa isang magandang simbahan ng Pentecostal Assembly. Naku, sana'y nakita n'yo kung papaanong nagpulasan ang mga kababaihan ng makita nila akong dumarating: maiiksi at pugot ang buhok, at mga nakamaiikling damit, halos para na silang langgonisa, alam n'yo na, hapit na hapit ang mga damit, mga kababaihang Pentecostal ito, seksing-seksi ang bihis … 136 Pananagutan n'yo ito sa araw ng paghuhukom. Hahatulan ka dahil sa pangangalunya. Ang sabi ni Jesus, "Sinumang tumingin sa isang babae at magnasa sa kaniya, ay nagkakasala ng pangangalunya sa kaniyang puso." At kung inihaharap mo ang sarili mo sa lalaki nang ganiyan, sino ang may sala, ikaw o ang lalaki? Mag-ayos kayo. Layuan n'yo ang bawat anyo ng masama. Kita n'yo? Hayan.

67 Anong ginawa nila? Naiwala nila ang kanilang unang pag-ibig. Oh, hindi mo na sila mapapunta sa isang sulok na may hawak na tamburin upang pumalakpak at magpuri sa Diyos. Ah hindi na. Aawit sila ng isang uri ng klasikal na awitin na nakabalabal nang mahaba. Kita n'yo, naiwala na nila ang kanilang unang pag-ibig. Iyan ang problema ng unang iglesia. Kita n'yo? 138 Sadyang kailangan nilang umastang tulad ng sanlibutan. Kailangan nilang manamit tulad ng sanlibutan, magmukhang tulad ng sanlibutan, umastang tulad ng sanlibutan, at magkaroon ng paboritong bituin sa telebisyon, alam n'yo na; sadyang hindi nila maiwasang panoorin ito. "We Love Susie" o iba pang tulad niyan, alam n'yo na, sadyang kailangan nilang mapanood ito. Hindi sila aalis ng bahay pag may prayer meeting at iba pa para lang mapanood ito. At kung hindi naman, kinagagalitan nila ang kanilang pastor,

upang pauwiin sila sa oras ng pag-uumpisa ng programang iyon nang sa ganu'n ay mapanood nila sa kanilang pag-uwi. Mas mahal nila ang sanlibutan kaysa sa Diyos… 139 Oh, masyado silang pormal, hindi

na sila makapagsabi ng, "Amen." Ay naku, bahagyang mababakbak ang kanilang make-up. Kita n'yo? Hindi na nila iyon taglay. Mga Pentecostal 'yan. Hindi mga Baptist. Wala naman sila nito sa pasimula pa lamang, ang—ang Presbyterian. Mga Pentecostal ang tinutukoy ko. Tama. Alam kong labis itong nakasusuya kapatid, ngunit nais natin ng isang kapanganakan mula sa bagay na ito: kailangang maghatid ka muna ng kamatayan bago magkaroon ng kapanganakan. Kita n'yo? Ito ang katotohanan. Ngunit hayan na nga, iniwan mo ang iyong unang pag-ibig. Ako'y…

68 Kung inireklamo iyan ng Diyos laban sa iglesiang ito, reklamo Niya rin iyan laban sa isang iyon. "Sapagkat iniwan mo ang iyong unang pag-ibig, ito ang reklamo Ko sa'yo. Mayroon akong laban sa iyo; iyan ang Aking hinaing. Dati kang masigla, ngunit hinayaan mong unti-unting makapasok ang sanlibutan, at ika'y medyo naging pormal na. Pinanghahawakan mo pa rin ang Aking Pangalan, at ginagawa mo pa rin ang mga bagay na tama, at napakahaba ng iyong pagtitiis at iba pa, at ika'y nagpapagal, at para kang mola, sadyang nagpapagal ka at gumagawa." Ay naku, naku. 141 Nakikita mo ba, iniwan mo ang biyaya at pananampalataya at kapangyarihan upang ipagpalit sa pagpapagal at paggawa. "Buweno, sasabihin ko sa'yo, Brother Branham, tinutulungan ko lahat ng babaeng balo na kaya kong tulungan." Buweno, mabuting bagay iyan; pinupuri kita diyan. Ngunit nasaan ang unang pag-ibig na dati mong taglay? Kita n'yo? Nasaan ang kagalakan na dating mong taglay? Tulad ng isinigaw minsan ni David, "O, Panginoon, ibalik Mo sa akin ang kagalakan ng aking kaligtasan." Nasaan na ang gabi-gabing prayer meeting at ang mga luha sa iyong pisngi? Naku po, puro alikabok na ang Biblia at inaagiw pa. Nagbabasa ka ng mga kuwento ng pag-ibig, at mga balita, at mga bagay na hindi dapat pinapayagang mailathala sa publiko at dapat lang itapon sa basurahan, pagkatapos ito'y pinupulot nating mga Pentecostal at pinagkukumpulan natin tulad ng mga nakadapong langaw sa basurahan. Tama. Oh, kahabagan nawa tayo. Ang kailangan natin ay ang bumalik sa ating unang pag-ibig. Bumalik sa Pentecostes. Mabuti pang iwan ko na'yan. Tama. Ngunit nauunawaan ninyo, "Iniwan ang unang pag-ibig…"

69 Ang ika-4 na talata, ika-5 talata, ay isang babala, ang ika-5 talata ay isang babala: "Alalahanin at magsisi." Kita nyo?

Kaya't alalahanin mo kung saan ka nahulog… (Saan ka nanggaling? Mula sa Pentecostes ay nahulog ka sa kinaroroonan mo ngayon, sa panlalamig.)… at magsisi, at gawin mo ang iyong unang mga gawa;… (Bumlik ka sa Pentecostes)… o kung hindi ay paririyan ako sa iyo, at aalisin ko ang kandelero sa… (Naiintindihan n'yo kung sino ito, hindi ba?)… kaniyang kinalalagyan, maliban na magsisi ka. 143 Sa ibang salita, kung mayroon kang pastor na puspos ng Diyos, puspos ng Espiritu Santo, at sinusubukan mo siyang kontrolin, at sinasabi mo, "Buweno, kapag nagsalita siya ng laban sa pagkakaroon ng isang naka-robe na choir, at sa ating pagpi-pintura ng mukha, patatalsikin natin siya." Huwag kayong mag-alala; ang Diyos na ang gagawa niyan bago pa kayo magkaroon ng pagkakataon. Hahayo siya at mangangaral sa mga bato sa lansangan bago siya makipag-kompromiso sa ganiyang bagay. Kung may pastor kayong tunay na nagsasabi sa inyo ng katotohanan, dapat n'yong parangalan ang Diyos at kayo'y manatili sa Espiritu, at sumamba sa Diyos, dahil alam ninyong maliligaw kayo kung wala kayong ganu'n. Kita n'yo?

70 Ngunit nabubuhay ang mga tao ngayon na para bang ito lang ang tanging bagay sa mundo, "ang mabuhay dito sa lupa, wala nang iba." Hindi n'yo napagtatanto na mayroon kayong kaluluwang lilisan dito at tutungo sa isang dako. At dito n'yo siniselyuhan ang inyong destinasyon, sa pamamagitan ng pamamaraan ng inyong pamumuhay at gawi: nagtatanim ng mga hinanakit, at malupit, at lahat na, at pagkatapos ay tutungo kayo sa iglesia. O, kahabagan ka nawa. Naku. Nakakahiya ka. 145 Naghahatid ka ng kadustaan sa layunin ni Cristo. Tama ba? Hindi ba natin ito ginagawa? Hindi ang mga tindero ng alak ang nakapipinsala sa iglesia. Hindi sila. Hindi ang mga babaeng bayaran ang nakapipinsala sa iglesia. Ang mga taong nagpapahayag na sila'y Cristiano ang nakapipinsala sa iglesia. Alam natin kung ano ang tindero ng alak, gayon din ang babaeng bayaran. Kapag nagbihis ang mga kapatid nating kababaihan nang tulad sa babaeng bayaran, iba iyon; iyon ang nakapipinsala sa iglesia. Kapag ang mga kalalakihan ay umiinom tulad ng tindero ng alak, aba, e, iyan ang nakapipinsala sa iglesia. Nagpapahayag sila na sila'y Cristiano pagkatapos ay gayon ang ginagawa. Inaasahan ng mga tao na kayong mga sumasambitla… "Lumayo sa kasalanan ang bawat isa na sumasambitla sa Pangalan ni Jesus Cristo." Kita n'yo? Layuan n'yo ito. 146 Oh, kapos na kapos tayo mga kapatid. Ako, kayo, lahat tayo, ay kapos sa kung ano ang nais ni Cristong maging tayo. At sa araw na ito mismo, panahon na upang isaisantabi nating walang liwag ang bawat kasalanang pumipigil sa

atin, at ating takbuhing may pagtitiis ang takbuhing inilagay sa harapan natin. Mga mangangaral, tama iyan, mga kapatid…?... Tama nga iyan.

71 "Alalahanin mo at magsisi ka, o kung hindi ay aalisin ko ang Liwanag ng bituin sa kaniyang kinalalagyan." Saan siya naroroon? Sa iglesia. "Ngunit kung hindi ka magsisisi at magbabalik sa dati mong kinalalagyan, aalisin Ko sa iyo ang pastor mo at tatatanggalin ko siya sa kinalalagyan niya; ilalagay Ko siya sa ibang lugar kung saan mapapaaninag Ko ang Aking Liwanag na sisilay." Umm. Hindi ba't seryoso iyon? 148 Panahon na upang magsisi ang mga iglesia. Panahon na para alisin ng Pentecostal ang maraming mga pininong iskolar sa mga pulpito, at ilagay doon ang mga makalumang mangangaral na magsasabi sa inyo ng katotohanan, hindi patapik-tapik lamang at ginagamit ang iglesia bilang tiket ng

makakain, ng malaking suweldo, at ng kung ano'ng tulad niyan, at ng sikolohiya, at ng ilang karera ng kabayo, at mga soup supper, at lahat ng iba pa. Panahon na upang bumalik sa Ebanghelyo. Hindi mahalaga kung gaano man kayo kaliit, "Saan man nagkakatipon ang dalawa o tatlo, A—ako'y sasa-kanilang kalagitnaan." 149 "Magsisi kayo, kung hindi'y paririyan Ako at aalisin Ko ang kandelero; isusugo Ko siya sa ibang dako upang pasikatin ang kaniyang liwanag."

72 Ngayon, ang ika-anim na talata. Ngayon, dito tayo magkakaroon ng maraming problema. Ngayon, malibang magsisi ka, darating Siya at aalisin ang pastor. Ngunit ito'y nasa iyo,… 151 Ngayon, pakatandaan. Oh, huwag na hindi ninyo ito makuha. Ito ang magdudugtong ng lahat ng iba pa hanggang sa panahong kinaroroonan natin ngayon. Teka muna, mabuti ba ang pakiramdam ng lahat? [Sumagot ang kongregasyon ng, "Amen"—Ed.] Nagmamadali ba kayo? [Sumagot ang kongregasyon, "Hindi"—Ed.] Sige na. Sige, pagtiisan n'yo ako nang kaunti pa kung gayon. [Isang kapatid na lalaki sa kongregasyon ang nagsabi, "Manatili tayo nang magdamag."—Ed.] Ngayon… Salamat. Ngunit ito'y nasa iyo,… (May isang bagay na nasa kanila noon, hindi ba? Ngayon, ano'ng nasa kanila?)… na iyong kinapopootan ang mga gawa ng mga Nicolaita, na kinapopootan ko naman. 152 "Kinapopootan mo ang mga gawa ng mga Nicolaita." Habang nakaupo ako doon sa aking silid-aralan kanina, sumulat ako ng isang bagay tungkol diyan; nais kong makinig kayong mabuti ngayon sa dalawang pahinang ito. Ang ika-6 na talata, mga papuri at pag sang-ayon; nagkasundo ang Diyos at iglesia sa isang bagay, na kinapopootan nila ang mga gawa ng mga Nicolaita.

Ang totoong punong baging, ang totoong punong baging, ang tunay na iglesiang narito sa iglesiang Efeso…

73 Ngayon, pakatandaan, bawat iglesia ay may mga pormal at mga espirituwal. Iyan ang kambal na ipinapanganak sa bawat revival at nabubuhay sa bawat iglesia. Nagsimula sila sa kapanahunang ito at magwawakas sa kapanahunang ito. At sa dulo, nanaig ang mga pormal sa kapanahunan ng Tiatira, at binunot muli ni Luther. At ngayon pumapasok itong muli. Nakikita n'yo ba ang pormal na relihiyon? Wala itong pinag-iba sa Catolisismo. Magkapareho lang sila. Bawat organisasyon ay kinakatay papasok dito. Hindi kailan man inorganisa ng Diyos ang Kaniyang iglesia. Ganiyan nga talaga ang sinisikap nilang gawin dito. At masdan n'yo lang ngayon kung hindi tama iyan, upang makita n'yo kung gaano kasumpa-kasumpa ang isang organisasyon. Banyaga iyon sa bagong iglesia, ang iglesia ng Bagong Tipan. Kita n'yo?

74 Ngunit…ika'y… Ngunit ito'y nasa iyo, na kinapopootan mo ang mga gawa ng mga Nicolaita, na kinapopootan ko naman. 155 Kinapopootan ng tunay na punong baging ang pormal na mga gawa ng mga Nicolaita; gayundin ang Diyos. Ang dating mga gawa sa iglesia ng Efeso, sa iglesiang Efeso, ay naging katuruan na sa iglesiang Pergamo. Sa Efeso, sa unang iglesia, mga gawa pa lamang ito, sa sumunod na iglesia ito'y naging katuruan na. Naririnig n'yo ba? Nauunawaan na ba ninyo ngayon? Ito'y isang gawa sa Efeso, at masdan, pagdating dito sa Pergamo naging katuruan na ito. Nagsimula lang ito sa anyo ng isang munting sanggol. Ngayon, sa loob ng isang sandali'y makikita natin kung ano iyon. Narito ang tinutukoy na mga lobo ni Pablo: "mga gawa ng mga Nicolaita."

75 Ngayon, anong… Himayin natin ang salitang iyon at tignan natin kung ano ba itong nasa ating harapan bago tayo magpatuloy. Ang salitang "Nicolaita" ay medyo banyaga sa akin. Kinuha ko lahat ng Greek lexicon na maari kong makita. Ang Nicolaita ay galing sa salitang Nicko, N-i-c-k-o (Sandali, palagay ko'y naisulat ko iyon dito.) N-i-c-k-o, Nicko, na nangangahulugang "manakop o gumapi." Nico-laita, "gapiin o sakupin ang karaniwang tao (laity)." Ang sinisikap nilang gawin dito ay sakupin ang iglesia kung saan may mga pastor ang Diyos, at kumikilos ang Espiritu ng Diyos sa pamamagitan ng mga kaloob sa iglesia ng buhay na Diyos, at nagpasimula sila ng isang katuruan na magkakaroon sila ng mga pari, mga obispo at mga papa, at iba pa. Iyon ang sinabi ng Diyos na kinapootan Niya. Kinapopootan pa rin Niya ito hanggang ngayon. Nico-laita (Nico, "gumapi") o, "gupuin ang karaniwang tao." Ang karaniwang tao ay ang iglesia. Ilan ang nakaaalam na ang mga karaniwang tao ay ang iglesia?

76 Tama, "Gapiin o sakupin, o alisin ang lugar ng mga karaniwang tao... "Sa ibang salita, kunin ang lahat ng kabanalan, lahat ng kapangyarihan sa iglesia, at ilagay ito sa mga pari, "Pabayaan mamuhay ang kongregasyon sa paraang gusto nila, ngunit ang pari lamang ang banal." Inaalis ang Espiritu Santo sa mga taong nilalakipan ng mga tanda at mga himala, at binibigyan sila ng banal na kaparian: inaalis ang Espiritu Santo at pipalitan Ito ng isang pagkapari. Nakikita n'yo ba kung ano iyon? Isa iyong... Sa dulo'y naging isa itong.... 157 Dito sa iglesiang ito, ito'y mga gawa lamang; at dito naging katuruan na ito; at naghari ito sa Tiatira. At nang lumabas si Luther, hindi iyon maaaring mananatiling ganu'n; nagbalik ito at muling nanakop: mga obispo, mga kardinal, mga arsobispo. Sino ba talaga ang ulo ng iglesia ng Diyos kundi Siya Mismo? Amen. Naku. Ngayon, nasisiyahan ako nang husto. Isinugo ang Espiritu Santo upang pamunuan ang iglesia, hindi lamang ang mangangaral, kundi ang buong kongregasyon. Ang mangangaral lang ba ang banal? Ang buong iglesia ay nagtataglay ng Espiritu Santo. At sa halip niyon, sa halip ng pagkakaroon ng Espiritu upang maging bahagi nito, kumuha sila ng munting biskuwit, at galyetas, at ng kaunting alak, at tinawag itong "banal na Eukaristiya" na ang ibig sabihin ay "Espiritu Santo." Papaano magiging espiritu ang galyetas at alak? Ngayon, kung ganu'n nga, kailangang basahin mo ang ika-2

kabanata ng Mga Gawa ng ganito: "Nang lubusan nang dumating ang araw ng Pentecostes, may dumating na paring Romano sa daan, at sinabi niya, 'Ilawit ninyo ang inyong dila,' at isinubo nila ang biskuwit sa kanila; ininom nila ng alak, at nagsabi, 'Ngayon, may Espiritu Santo ka na.'" Ngayon, iniisip nating kakila-kilabot ito. Siya nga.

77 Ngayon, magpatuloy tayo, inordena ako sa isang simbahang Baptist; ihalimbawa natin tayong mga Baptist. Kita n'yo? Ang mga Methodist, ano'ng gagawin natin? "Kung ipahahayag mo na si Jesus Cristo ay Anak ng Diyos, ika'y ligtas." Naniniwala ang demonyo na Siya ang Anak ng Diyos at nanginginig pa; marahil higit silang naininiwala kaysa maraming miyembro ng iglesia. Naniniwala din diyan ang demonyo at nanginginig pa nga, dahil alam niyang nakatakda na siyang parusahan. 159 Ngayon, kunin naman natin sa anyo ng Methodist. Sinasabi nilang hindi nagbautismo si Juan, at siya'y nagwisik lang. Anila, "Maraming gofer sa bansang iyon, at bumubukal ang tubig iba't ibang dako. Mayroon silang kabibi at hinukay nila ang isang butas ng gofer." Ang totoo'y ipinangangaral nila iyon. At sumalok sila ng tubig sa pamamagitan ng kabibi mula sa butas ng gopher, at ipinangwisik sa mga tao." Wala itong kabuluhan. Oh, kapatid.

78 Buweno, narito't iyon ay kukunin nating halimbawa, "Nang dumating nga ang araw ng Pentecostes, silang lahat ay nangagkakatipon sa isang dako. At

dumating ang pastor at nangaral ng isang mainam na sermon at nagsabi, 'Ibigay n'yo sa akin ang inyong kanang kamay ng pakikisama, at itatala namin ang pangalan n'yo sa aklat.'" Mukhang hindi tama ano? Maaaring makakuha ka ng... Hindi mo iyan makikita sa almanac; higit ang nalalaman nila kaysa diyan. Mas tama pa nga ang dating Ladies Birthday Almanac kaysa diyan. 161 Buweno, anong naging dahilan no'n? Nagpasok ang Nicolaita ng grupo ng mga kalalakihan upang baluktutin ang Kasulatan at magtatag ng denominasyon na hindi maaaring magpahintulot sa pagkilos ng Diyos. Namatay ito noon mismo. Kita n'yo? Ang sabi rito, "Ikaw ay patay. May pangalan kang ipinamumuhay, ngunit ika'y patay." Marami sa kanila ang patay na hindi nila nalalaman.

79 Ako at ang kapatid kong lalaki ay nagingisda nu'ng malilit pa kami. At nakahuli ako ng isang pagong, at pinutol ko ang kaniyang ulo, tinanggal ko siya sa pamingwit; dahil ayoko na itong pakialaman pa, inihagis ko sa pangpang. At lumapit ang munti kong kapatid at sabi niya, "Anong nahuli mo kanina?" Sabi ko, "Isang pagong." 163 Aniya, "Ano'ng ginawa mo sa kaniya?" Sabi ko, "Nakalapag siya roon, at ang ulo naman niya'y naroroon." At nilapitan niya ito. Aniya, "Patay na ba siya?" 164 Sabi ko, "Sigurado, pinutol ko na ang kaniyang ulo, malamang patay na siya." 165 Kaya kumuha siya ng isang patpat, at pinanghagis niya sa ulo ng pagong papunta sa ilog, o—sa sapa. At nang gawin n'ya iyon, sinunggaban ito ng pagong. Alam n'yo, patuloy itong iigtad sa loob ng isa o dalawang oras. Napaatras siya; aniya, "Hoy. Akala ko ba sabi mo patay na." Sabi ko, "Oo nga." 166 Aniya, "Buweno, hindi niya ito alam." 167 Kaya ganiyan din ang maraming tao: patay na ngunit hindi nila nalalaman. Ang mga Nicolaita... Ay, naku. Oh, sabi Niya, "Kinapopootan ninyo iyon." Kinukuha ang lahat ng....?... mga banal na pari, banal na kardinal, banal na obispo.

80 At ilan sa inyong mga Pentecostal, "Ang dakilang overseer, hayaan ninyong bumaba siya, ang general overseer, sasabihin niya sa inyo kung maaari kayong magdaos ng gawain ng pagpapagaling o hindi." Alleluia. Ang

Espiritu Santo ang dapat magsabi kung maaari o hindi; Ito ang walanghanggang Salita ng Diyos. 169 "Buweno, Brother Branham, naniniwala kaming nagtuturo ang Biblia ng pagbabautismo sa Pangalan ni Jesus, ngunit sinabi ng general overseer na kapag sinimulan namin iyan sa aming iglesia, sisipain niya kaming lahat." Ituloy n'yo lang. Tama. Mas pipiliin ko nang sipain dito kaysa doon. Kaya kung tatangap ka ng anumang bagay na wala rito, sisipain ka rin naman doon, kaya't mas mainam na dito ka na lang masipa. Kung sisipain ka niya rito, papapasukin ka naman Doon. Kaya pareho lang naman iyan, magpatuloy na lang kayo. 170 Nais nating maging tama. Ay, naku, seryosong bagay ito, kapatid. Kailangan nating maitama ang bagay na ito. Hindi tayo magkakaroon ng iglesia malibang makakuha muna ang Diyos ng pundasyong mapagsasaligan nito. Hindi Niya itatayo ang Kaniyang iglesia sa ibabaw ng mga walang kabuluhang bagay. Kailangan Niyang lumapag sa Kaniyang Salita o hindi na lang Siya darating: sa ibabaw ng Kaniyang Salita mismo.

81 May isang nagsabi, hindi pa katagalan, aniya, "Brother Branham, magtungo ka sa Chatauqua." Gaano karami ang nakapunta sa Chatauqua? Aba, tignan n'yo, ang ikatlong bahagi ng iglesia o higit pa ay nakapunta sa Chatauqua. Na... Ngayon, nagtungo ang lalaking iyon nung hapong iyon, at siiya'y narinig ninyong lahat, hindi niya alam na malalaman ko ang tungkol dito. Kayang ipahayag ng Diyos sa silid sa itaas ang sinasabi nila sa ibaba, at, alam n'yo, iyon nga ang ginawa Niya. Lumapit ito at nagsabi, "Ngayon, si Brother Branham, o, lingkod siya ng Panginoon. Kapag nasa kaniya ang Espiritu, siya'y pinahirang propeta; tunay ngang nalalaman niya; sinasabi ng Diyos sa kaniya kung ano ang nangyayari at mangyayari; ngunit huwag ninyong pakinggan ang kaniyang teolohiya." 172 Napakagulong kaisipan. Papaanong nasasabi iyan ng isang tao? Aba'y, hindi ko... Buweno, kung hindi ninyo alam ang kaibahan ng biniyak na gisantes sa kape, mas higit pa ang alam n'yo kaysa diyan. Paano n'yo naiisip ang gayong bagay? "Bakit?" Aba'y, ang salita mismong "propeta" ay nangangahulugang "isang Makalangit na

tagapaghayag ng Salita." Papaano mo... Dumarating ang Salita ng Panginoon sa propeta. Hindi ko sinasabing isa akong propeta; sila ang maysabi nito. Ngunit hayan. Kita n'yo?

82 Papaanong ang mga tao... Ang harangin ang munting katuruan ng iglesia sa isang lugar, dahil hindi ito sinasang-ayunan ng kanilang organisasyon: ipinagbibili mo ang iyong pagkapanganay sa isang rasyon ng lugaw, oh, Esau, ikaw na kahabag-habag na ipokrito. Tama. Ipinagbibili nila ang iyong pagkapanganay sa isang rasyon ng lugaw, sa isang rasyon ng denominasyon,

isang rasyon ng organisasyon na kinapopootan ng Diyos. Pakatandaan n'yo, sinasabi mo "organisasyon?" Kinapopootan ito ng Diyos. Ito ang nagpahiwalay sa magkakapatiran, at gumigiba sa... Maraming mga Methodist, Baptist, at Presbyterian, ngayong gabi na nais na makisalumuha sa palibot ng dulang ng Diyos. Ngunit kapag ginawa nila iyon, sisipain sila sa una pa lamang na pagkakataon. Tama nga iyon. 174 "Kaanib si nanay dito," at unang-una mga apo lang sila. Ay, naku. Wala akong pakialam kung saan kaanib si nanay. Nabuhay ang nanay mo sa lahat ng liwanag na taglay ng kaniyang panahon; iba ang panahon na kinabubuhayan mo.

83 Minsan nang pinatunayan ng siyensya, mga tatlong daang taon na ang nakalilipas, sa pamamagitan ng pagpapaikot ng bola sa palibot ng globo, anila, "Kapag tumakbo ang anumang sasakyan sa matinding bilis na tatlumpong milya kada oras, iaangat ito ng grabitasyon sa lupa at dadalhin sa kalawakan." Sa palagay n'yo pinaniniwalaan iyan ng siyensya sa araw na ito? Tumatakbo na sila ngayon ng isanlibo't siyam na raang milya kada oras. Hindi sila nagbabalik-tanaw upang makita kung ano'ng sinabi nila; paglingon nila, ang nakikita naila ay kung ano'ng nasa hinaharap. 176 Ngunit sa tuwina'y nais ng iglesia na magbalik tanaw upang makita kung ano'ng sinabi ni Wesley, kung ano'ng sinabi ni Moody, at ni Sankey. Lahat ng bagay ay posible sa mga sumasampalataya; tumingin tayo sa unahan. Ang tanging bagay sa biblia na nakatingin sa likuran... Alam n'yo ba kung anong hayop ang laging nakatingin sa likuran? Ang may pinakamababang anyo ng buhay. Sino ang nakaaalam kung ano ang pinakamababang anyo ng buhay na gumagalaw? Ang isang palaka. Ang palaka ang pinakamababang anyo ng buhay, at ang tao ang pinakamataas na anyo ng buhay na narito sa lupa. At ang palaka ay nakatingin sa likuran. Ayaw ko ng mababang buhay na ganu'n. Nais kong tumingin sa unahan, nananampalataya, nagtitiwala, lumalakad sa Liwanag kung papaanong Siya ay nasa Liwanag (Amen.), habang pinasisikat Niya ang Liwanag.

84 Minsan nagdaraos ako ng gawain sa Kentucky, may isang matandang lumantad at nagsabi, "Oh, hindi ako naniniwala sa pagpapagaling na iyan." 178 At ang sabi ko, "Buweno, ayos lang iyan; isa kang Amerikano." 179 Aniya, "Hindi ako naniniwala sa anumang bagay malibang makita ko muna." 180 At sabi ko, "Buweno, ayos lang." 181 Aniya, "Ngayon, wala akong anumang laban sa'yo, ngunit hindi ako naniniwala sa sinasabi mo."

Ang sabi ko, "Pribilehiyo mo iyan bilang isang Amerikano; hindi mo kailangang maniwala." 183 Aniya, "Ngayon, hindi ko tinatanggap ang anumang bagay, malibang makita ko nang malinaw. A-ha?" 184 Sabi ko, "Buweno, mabuti iyan; malamang taga Missouri kayo." 185 Aniya, "Hindi, taga Kentucky ako." Kita n'yo? "Hindi iyan masyadong magandang pakinggan para sa isang taga-Kentucky," sabi ko. "Ngunit magkagayunpaman," sabi ko, "kung ganiyan ang palagay n'yo, magpatuloy po kayo." At sabi niya—aniya... 186 Sabi ko, "Ngunit paano kayo uuwi?" 187 Aniya, "Tatawid ako sa burol. Nakatira ako sa... Gusto mong sumama sa akin?" Mabuting tao siya, aniya, "Samahan mo akong umuwi, do'n ka na magpalipas ng gabi, Brother Branham." 188 Sabi ko, "Kung puwede sana kapatid. Ngunit sabi ko, "Pupunta ako sa tiyuhin ko." At sinabi niya... Sabi ko, "Gusto n'yo bang maki-angkas?" 189 "Hindi, kailangan kong tawirin ang burol na iyon, paakyat nang ganito, at pababa sa guwang, at paakyat ulit," alam mo na kung paano ang lugar na iyon. 190 At sabi ko, "Buweno," ika ko, "papaano kang makararating doon?" 191 Aniya, "Tatahakin ko ang landas na naroon." 192 "Papaano," sabi ko, "ni hindi n'yo makita ang kamay n'yo sa sobrang dilim." Sabi ko pa, "Papaano kayo makaaakyat doon?" Aniya, "May lampara ako." 193 At sabi ko, "Buweno, papaano n'yo... Anong gagawin n'yo, sisindihan ninyo ang lampara at lalakad kayong hawak ito?" Aniya, "Opo." 194 Sabi ko, "Kapag sinindihan ninyo ang lamparang iyan, maitataas ba ninyo nang ganito? Gusto kong makita ang bahay n'yo." 195 Aniya, "Hindi mo iyon makikita." 196 Sabi ko, "Kung gayo'y paano kayo makararating doon?" 197 "Oh," aniya, "Basta't sisindihan ko ang lampara; at habang lumalakad ako, ito'y... Sasabayan ko lang ang liwanag..." Sabi ko, "Iyan na nga." Amen. Sabi ko, "Lumakad lang kayo sa Liwanag."

85 Magpatuloy lang kayo sa paglakad. Huwag kayong huminto, wala kayong mararating. Kung naligtas na kayo, lumakad kayo patungo sa pagpapakabanal.

Sasabihin n'yo, "Papaano ako makararating doon?" Magpatuloy lang kayo sa paglakad. "Ang bautismo ba ng Espiritu Santo ay pagkatapos ng pagpapakabanal? Papaano ko iyon makukuha?" Magpatuloy lang kayo sa paglakad sa Liwanag. "May mga tanda ba, mga kababalaghan, at mga himala?" Magpatuloy lang kayo sa paglakad sa Liwanag. Kita n'yo? Patuloy lang kayo. Sa bawat paghakbang n'yo, susulong ang Liwanag nang kaunti sa inyong unahan; dahil palagi Siyang nauuna sa inyo. Hindi Siya nanunulak; nangunguna Siya. Siya ang Liwanag. Oh, lubos ko iyang ikinatutuwa? Siya ang Liwanag, sa Kaniya'y

walang anumang kadiliman.

86 "Kinapopotan mo ang mga gawa ng mga Nicolaita." Naging katuruan ito... Ngayon, tignan natin kung ano ang sinabi ni Pablo... Ngayon, kaninong iglesia... Sino ang nagtatag ng iglesiang ito? Si Pablo, sa Efeso. 200 Bumalik tayo ngayon sa ika-20 kabanata ng Mga Gawa, sa ilang saglit, sa ika-20 kabanata ng Mga Gawa, at tignan natin kung ano ang sinabi ni Pablo... Naniniwala ba kayo na si Pablo ay isang propeta? Tunay ngang propeta siya. Tiyak nga. Natatandaan n'yo ba ang gabing iyon na may pangitain tungkol sa binabagyong karagatan at iba pa? Ngayon... At lahat ng tungkol dito... Ngayon, sa ika-20 kabanata ng Mga Gawa, at magsimula tayo ngayon sa ika27 talata, at makinig kayong mabuti ngayon habang binabasa natin. Ngayon, si Pablo ito, isang propeta, na naghahayag ng mangyayari sa hinaharap. Sapagka't hindi ko ikinait ang pagsasaysay sa inyo ng buong kapasiyahan ng Diyos. 201 Ang pinagpalang lalaking iyon... Oh, nais kong tumayo doon sa araw na iyon at masdan ang pagpuputong ng korona sa ulo ng martir na iyon. Kung may bagay na makapagpapaiyak sa akin, iiyak ako. Sisigaw ako pag nakita ko si Pablo. See Saint Paul, that great apostle, With his robe made bright and fair; And I'm sure there'll be some shouting When we all get there. (Kayo rin ba?) Ngayon. Hindi ko ikinait ang pagsasaysay sa inyo ng buong kapasiyahan ng Diyos.

87 Tama ba iyon? Ngayon, mga Cristiano, tumingin kayo rito; may itatanong ako sa inyo. Sino ang nag-utos sa mga taong nabautismuhan na sa ibang paraan maliban sa Pangalan ni Jesus Cristo na lumapit at muling

magpabautismo? [Ang sabi ng kongregasyon, "si Pablo" -Ed.] Ipinangaral niya ang buong kapasiyahan. 203 Tama ba iyon? Buweno? At ano ang sabi ni Pablo sa, wari ko iyon ay... Hindi ako tiyak ngayon kung ito ba'y sa unang kabanata at sa ika-8 talata ng Mga Taga-Tesalonica. "Kahima't kami o isang anghel na mula sa langit ay mangaral sa inyo ng anumang ibang ebanghelio, kung bumaba man ang isang anghel mula sa langit at mangaral ng anumang ibang ebanghelyo maliban dito" (maliban sa pag-utos sa mga tao na muling magpabautismo sa Pangalan ni Jesus Cristo, at sa Ebanghelyo na ipinangaral ni Pablo)... Kung may isang anghel mula sa langit (Hindi isang... lalo pa't isang obispo, o kardinal, o general overseer, o isang pastor, o—o anuman)... Kung may isang anghel na bumaba mula sa langit at mangaral ng ibang ebanghelyo maliban dito, siya ay matakuwil." Tama. Tama ba iyon? Ano ang sabi niya, iyon ay sa Mga TagaGalacia 1:8. Naalala ko lang ngayon. Sige, Mga Taga-Galacia 1:8, kung nais n'yong isulat, tignan natin kung anong sinabi ni Pablo.

88 Ngayon, ang sabi niya rito... Ngayon sa ika-27, palagay ko'y sa ika-27 tatala: Sapagaka't hindi ko ikinait ang pagsasaysay sa inyo ng buong kapasiyahan ng Diyos. 205 Ngayon, pakinggan ninyo kung ano ang... Ito'y isang propesiya. Ingatan ninyo ang inyong sarili, at ang buong kawan, na... na sa kanila'y ginawa kayo ng Espiritu Santo na mga obispo, upang pakanin ninyo ang iglesia ng Panginoon na binili niya ng kaniyang sariling dugo. 206 Sino ang bumili? Kaninong dugo iyon? Ang sabi ng Biblia Dugo iyon ng Diyos. Ang Diyos, sa pamamagitan ng Kaniyang sariling Dugo... Tama ba iyon? ... pakanin ninyo ang iglesia ng Panginoon, na binili niya ng Kaniyang sariling dugo. 207 Sinabi ng Biblia na iniligtas tayo ng Dugo ng Diyos. Alam n'yo ba iyon? Tiyak nga, Ito'y nagliligtas. Tama. ... binili niya ng kaniyang sariling dugo. Aking talastas na pagalis ko ay magsisipasok sa inyo ang mga ganid na lobo, na hindi mangagpapatawad sa kawan, At magsisilitaw sa mga kasamahan din ninyo... (Masdan n'yo, nagawa niyang palagusin ang kaniyang paningin at nakita niyang paparating ang bagay na iyon.)...mga kasamahan din ninyo ang mga taong mangagsasalita ng mga bagay na masasama, upang mangagdala ng mga alagad sa kanilang hulihan.

89 [May patlang sa tape—Ed.] Matapos ang ilang taon habang siya'y... [May patlang sa tape—Ed.] O isang lupon ng kalalakihan na nagnanasang magtatag ng organisasyon at alisin ang—ang kasagraduhan at ang Espiritu Santo sa iglesia, at ilagak ito sa mga obispo at mga papa at mga pari, upang... Sila'y magiging banal, at ang kongregasyon ay mamumuhay paano man nila naisin... At babayaran nila ang mga pari, upang manalangin na makaalis sila sa impyerno, at lahat ng iba pang tulad niyan. At ito'y isang Nicolaita. Ang sabi ng Diyos, "Kinapopootan Ko iyan." Ngayon, makinig. 209 "Ipakita mo nga, ang sabi mo, 'sinabi ng Diyos na kinapopootan Niya ito'?" 210 Ngayon, tignan natin kung talagang kinapopootan Niya. Ngunit ito'y nasa iyo, na iyong kinapopootan ang mga gawa ng mga Nicolaita na kinapopotan ko naman. 211 Napopoot ang Diyos sa organisasyon. Tama ba? Ngayon, nakikita n'yo nang malinaw kung ano'ng nakatakda nilang gawin; nakita n'yo kung ano'ng ginawa nila. Ngayon, masda n'yo ang kabuuan ng iglesia kung hindi nila iyon ginagawa. Kinapopootan Niya ang organisasyon. Ang may pakinig ay makinig sa sinasabi ng Espiritu sa mga iglesia;...

90 Ngayon, ang mga lobong binabanggit ni Pablo ay naging mga Nicolaita. Nagpursigi silang magtatag ng pagkaparing tulad ng pagkapari ng mga Levita, at ito'y banyaga sa katuruan ng Bagong Tipan. Amen. Ang salitang "Nico," ang salitang griyego na "Nico" ay nangangahulugang "manakop, manggapi." Manggapi ng ano? Nang karaniwang tao, ang Espiritu Santo: alisin sa iglesia ang nabuhay na mag-uling si Jesus Cristo na may mga tanda at kababalaghan sa kalagitnaan ng mga mananampalataya, at maglagay ng mga ibinotong lalaki upang maging papa, o isang karnal—kardinal, o isang obispo, tinatanggal ang Espiritu Santo sa mga karaniwang tao at ibinibigay ito sa isang orden na kung tawagin ay banal na orden

ng kalalakihan, ipinamumuno sila sa karaniwang tao; hindi upang tawaging silang mga pastor na nangangahulugang "tagapagalaga ng tupa," kundi "ama"; at sinasabi ni Jesus na, "Huwag ninyong tatawaging ama ang sinuman sa lupa." Nakita n'yo ang masamang bagay na iyan? At ano ang ginawa natin?

91 Oh, kung makahihinto lang tayo. Sana'y hindi pa nakatali ang mga gabi natin; nais ko sanang talakayin bukas ng gabi ang ika-12 kabanata ng Apokalipsis at ipakita sa inyo ang babaing patutot na nakaupo roon, ang patutot. At siya'y... Kaya siya gayon, dahil nagkasala siya ng pakikiapid sa Diyos, at tinawag niyang balo ang kaniyang sarili, samantalang siya ay ina rin ng mga patutot. Tama ba? Ngayon, alam nating iyon ay ang Roma, dahil

nakaupo siya sa pitong burol, at tamang-tama ang lahat, ang lalaking nasa kaniya, at ang bilang ng hayop, at lahat na. Alam natin mula sa mga naunang pag-aaral kung sino iyon. Ngunit ang malungkot na bahagi nito ay ina siya ng mga patutot. Dito mismo siya nagpasimula, sa Roma bilang isang lupon ng mga Cristiano, mga tinaguriang Cristiano.

92 Makinig kayo. Tulungan nawa ako ng Diyos na gawin itong makatotohanan. May isang lupon ng mga Cristiano sa isang iglesiang tulad nito, ang naging pormal at walang-pakialam, humiwalay, at nagtatag ng kanilang organisasyon, at ito'y isinanib sa estado sa madilim na panahon. At naging ano ang estado at ang iglesia? Iglesiang Cristiano, "Banal na iglesiang Catolico" ang tawag dito, (Ang salitang "catolico" ay nangangahulugang "pambuong-mundo."), ang dakilang pambuong-mundong Cristianong iglesia, at tinawag na mga erehe ang mga taong nagsasalita ng iba't-ibang wika, sumisigaw, nagpapagaling ng maysakit, at iba. At sa dulo ay naghigpit sila nang husto na anupa't sinumang mahuling sumasamba sa gayong paraan ay itinatapon sa yungib ng mga leon kung hindi nila yayakapin ang Catolisismo. Ang pag-uusig na iyon ay nagpatuloy nang daan-daang taon. Ngunit ang iglesiang iyon ay hindi namatay. Hindi mo ito maaaring patayin. Sinabi ng Diyos na mabubuhay ito hanggang sa wakas at bibigyan Niya ng putong ng Buhay. Dumaan ito sa mga kapanahunang iyon ng pag-uusig...

93 At dumating naman si Martin Luther upang ipagpatuloy ang panahon, at inihatid niya ang iglesia sa ilalim ng pag-aaring ganap. Anong nangyari nang mamatay si Luther? Inorganisa nila ito, at ginawang iglesiang Lutheran; kumuha sila ng doktrina. Ano'ng ginawa nila, nang organisahin nila ito? Iniluwal nila ito pabalik sa Romanismo. Tamang-tama nga. 216 Nang magkagayo'y nilisan iyon ng Espiritu Santo, at nakita 'yon ni Wesley. At sina Wesley, at Whitfield, George Whitfield, at marami pang iba, at—at si Asbury, at marami sa kanila ay mga dakilang revivalist. Iniligtas nila ang mundo nang panahong iyon. Nagkaroon sila ng revival sa kapanahunang iyon ng Filadelfia na nagligtas sa Inglatera at gayundin sa America. Nagkaroon sila ng mga pagtitipon kung saa'y nagpapadiyak sila at tinawag na "holy rollers." Ginawa n'yo iyan, kayong mga Metodista; bumabagsak sila sa sahig sa ilalim ng kapangyarihan ng Diyos, at sinasabuyan sila ng tubig sa mukha at pinapaypayan. Tama. Nangangatal sila nang huso sa ilalim nito, hanggang sa—ang sabi nila, "nangingisay sila." Ang mga tao'y nangingisay at nanginginig sa ilalim ng kapangyarihan ng Espiritu Santo. Iyan ang kasaysayan ng Methodist. Mula doo'y lumitaw ang Quakers at iba pa.

94 Inorganisa nila ito. Ginawa nila itong Methodist, Primitive Methodist, at ganitong uri ng Methodist, at ganyang uri ng Methodist, hanggang sa

nagpakababa na ito nang husto na nais nang alisin ng mga Metodista ang salitang "Dugo" mula sa kanilang mga song book. 218 Sa isang programa sa telebisyon nung nakaraang gabi (tinawag ako ng nanay ko), may isang Metodistang pastor, dito sa Indiana, na nagtuturo ng rock-n-roll sa iglesia. Aniya, "Nakakahiya na hindi natin nakita ang magandang sining na ito na pumapasok sa iglesia." 219 Diablo 'yan at isang bulaang propeta. Tama. Ayaw kong saktan ang inyong damdamin, ngunit kapatid, iyan ang katotohanan ng Diyos. Mas pipiliin kong galitin kayo nang bahagya sa ganitong paraan at upang pagaralan mo ang Kasulatan, marahil ay maituwid mo ang iyong sarili sa Diyos, kaysa mapahamak ka sa kawakasan. Marahil mamuhi ka sa akin ngayon, ngunit isang araw yayakapin mo ako, at sasabihing, "Brother Branham, totoo iyon." Narito na ito ngayon, at papasok na sila roon. Doon sila... Nariyan lang iyon. Sinabi ng Biblia na iyon ay gagawin nila.

95 At magmula kay Wesley, kung ginawa iyon ni Wesley, dumating naman ang mga Pentecostal. At nakamit nila ang panunumbalik ng mga kaloob, nagsimula silang magsalita ng iba't-ibang wika, ang bautismo ng Espiritu Santo. 221 Tulad ng pagtubo ng butil ng mais sa lupa. Una, mabubulok muna ito, mag-uusbong ng dalawang dahon. At ito'y... Iniisip mo, may maisan ka na. Lalaki ang mga dahon at magkakaroon ng mga palawit. Itong una ay ang Lutheran. Ang mga palawit, ano naman ito? Methodist; ang polen, ang pagibig sa kapatid, ang pag-iebanghelyo, humayo ang polen patungo sa iba. 222 Aba, maging ang kalikasan ay nagpapatotoo sa mga kapanahunang ito ng iglesia. Lumabas mula sa kaguluhan ang Methodist—o, ang ibig kong sabihi'y lumabas mula sa kaguluhan ang Lutheran. Isinaboy naman ng Methodist ang kaniyang pag-ibig sa kapatid at ang panahon ng pagiebanghelyo at ang panahon ng pagmi-misyon. Ang pinakadakilang panahon ng pagmi-misyon na naranasan ng mundo ay ang panahon ng mga Metodista. Tama iyan. Isinaboy nito ang kaniyang polen...

96 Ano'ng lumabas doon? Mula sa polen na iyon ay umusbong ang butil ng mais, ang Pentecostal, kahawig ng butil na itinanim. Hindi isang dahon, hindi isang palawit, ngunit isang butil. At ngayon, pinag-amag ng mga Pentecostal ang butil, hanggang sa halos di mo na makita ang butil. Panahon na upang linisin ito. Amen. Ano'ng ginawa nila? Tulad din ng ginawa ng Methodist. Ang isa ay nag-organisa ng isang grupo, at anila, "Kami ang Assemblies of God." Ang isa naman, "Pentecostal Holiness kami." Ang iba naman, "Kami ang Oneness." "Kami ang Twoness." At maraming ganito, at maraming

ganiyan (naku), may nakasakay sa kamelyong may isang umbok sa likuran, sa may dalawang umbok, tatlong umbok, lahat na... Oh, mayroon silang animnapu, o tatlumpo, o apatnapung iba't-ibang organisasyon.

97 Ano'ng ginawa nila? Muli nila itong ibinalik sa Romanismo, nagbautismo sila sa bautismo ng iglesiang Romano Catolico. Humihiling ako sa sinumang Pentecostal na magpakita sa akin sa Biblia ng sinumang nabautismuhan sa pangalan ng Ama, Anak, Espiritu Santo. Hinihiling ko na ipakita sa akin ng sinumang obispo, kardinal, sinumang guro na ito ay ginawa sa labas ng iglesiang Catolico. At dinala ito ni Martin Luther; dinala niya ang katekismo at lahat ng iba pa mula rito. Ipinagpatuloy ito ng mga Metodista. Dapat mahiya kayong mga Pentecostal. Maglinis kayo. Bumalik kayong muli sa Salita. Magsisi kayo o kung hindi'y aalisin ng Diyos ang kandelero mula sa inyo, ang Liwanag na taglay ninyo. Amen. Tama.

98 Inalis ang Espiritu Santo bilang Pinuno at binigyan sila ng banal na orden ng mga kalalakihan, at iniluklok sila sa ibabaw ng mga karaniwang tao, at hindi nila sila tinawag na mga pastor, mga tagapag-alaga ng tupa (Dapat sana'y mga pastor,' "mga pastol," ang kahulugan ng salitang "pastor.") kundi ama, kardinal, arsobispo, o general overseer. Ang mga tunay ay napoot sa bagay na ito. At sinang-ayunan sila ng Diyos at sinabing, "Kinapopootan Ko rin ito." Dahil Siya dapat ang maging general overseer, arsobispo, at papa. Gumagawa Siyang katuwang ng bawat indibiduwal, hindi ng isang organisasyon, kundi ng isang tao. Ngayon, kakaibang-kakaiba... Makinig kayo, habang patapos na tayo. May isa na lamang tayong talata.

99 Narito ang pasimula ng dogma ng Catolisismo na apostolikong paghalili (apostolic succession). Ilan ang nakaaalam niyan? Apostolikong... Ngayon, sinasabi ng Catolico na ang papa ngayon ang kahalili ni Pedro: apostolikong paghalili. Walang ganiyan. Papaano ang iyong karnal, makamundong pagnanasa... Papaanong nangyari na sina Esau at Jacob ay parehong ipinanganak ng isang banal na ama at isang banal na ina, at ang isa sa kanila'y Cristiano samantalang ang isa'y diablo? Kita n'yo? Papaanong nangyari ito? Sapagkat ang kasalanan ay kasalanan at ang sex ay sex, ngunit ang Diyos ang nagbibigay ng kapanganakan. 228 Pinili tayo ng Diyos bago pa itatag ang sanlibutan. Alam n'yo ba iyon? Hintayin n'yong mabasa natin ang mga mananalaysay na ito, at masdan kung papaanong nagbigay ng papuri sa Diyos si Irenaeus sa pagpili sa kaniya bago pa itatag ang sanlibutan; kung papaanong si Saint Martin at ang iba pa ay nagbigay ng papuri sa Kaniya, ng papuri sa Diyos. Anila, "Dahil..." At nangusap ang mga tao tungkol sa kaniya, na nagsasabi, "Pinili siya bago pa

itatag ang sanlibutan." Nasa Kasulatan 'yan. Ang magkakapatid na lalaking iyon ay nakahanay sa Diyos. Ngunit ang maitim na iglesiang ito ay dumaan sa labing limang daang taon ng madilim na kapanahunan, lubos itong nalukuban tulad sa pagkatakip sa liwanag ng isang umuusok na lampara. "Ngunit magkakaroon ng Liwanag sa panahon ng gabi," sabi ng Panginoon.

100 Apostolikong paghalili, halinhinan; ang isang papa, kailangang nasa lahi siya ng mga papa bago maging isang papa. Ay, naku, naku. Walang kabuluhan iyan. Ang mga karaniwang tao... Hindi ang banal at matuwid, kundi ang... Pinagdarasal sila ng mga pari at iniaahon sa kanilang mga kasalanan, pinatatawad ang kanilang kasalanan, pinagbabayad sila para sa isang pangungumpisal. 230 Ganu'n din ang ginagawa ng mga Protestante. Tinatapik nila sa likod ang kanilang pastor at namumuhay na gaya ng mga taga-sanlibutan. At pareho lang naman silang walang alam tungkol sa Diyos, hinahayaan niya silang manatili sa kaniyang simbahan at tinatawag na mga miyembro ng kaniyang simbahan, at ipinamamalagi roon at sinasabihan na sila'y mga ligtas. Ganu'n na lang ang magiging kabiguan nila sa araw na iyon kung hindi sila ipinanganak na muli. Mapapahamak ka kung wala kang Espiritu Santo. Walang sinumang makapagsasabi, "Si Jesus ang Cristo," kundi sa pamamagitan lamang ng Espiritu Santo.

101 Ang tunay na iglesia sa Efeso ay hindi nadaya ng pinino at intelektuwal na mga pahayag na ito, Siya'y... Kinapootan nila ito. Hindi sila nadaya; alam nila; hindi nadaya ang tunay na iglesia. Maling kapahayagan ang taglay ng mga taong ito, na tinatawag na mga Nicolaita, na hindi tumutugma sa Salita ng Diyos. Sabihin n'yo sa akin kung saan n'yo ito nakitang tinuro sa Bibliang na magkumpisal sa isang pari. Saan n'yo nakita na itinuro sa Biblia ang pagwiwisik para sa pagpapatawad ng mga kasalanan? Saan kayo nakakita ng sinuman na binautismuhan sa ngalan ng Ama, Anak, Espiritu Santo para sa ikapagpapatawad ng mga kasalanan? 232 Saan n'yo makikita diyan ang pagbibigay ng kanang kamay ng pakikisama, at paglalagay ng kanilang pangalan sa mga aklat ng iglesia? Saan n'yo makikita ang mga bagay na ito? Ano ito? Ito'y isang pagkapari, o isang ministrong hindi ayon sa Salita. At sila'y mga Nicolaita, at ang sabi ng Diyos, "Kinapopootan Ko sila." Bumalik kayo sa Salita. Oh, a—alam kong matigas iyan, mga kapatid kong kalalakihan, ngunit hindi ako ang may sabi niyan; makipagtalo kayo sa Kaniya.

102 Maling kapahayagan, hindi katugma ng Salita, ngunit tinawag silang mga sinungaling, mga bulaang apostol, mga bulaang propeta. Ngunit nanghawakan ang tunay na iglesia sa orihinal na turo ni San Pablo at sa bautismo sa Espiritu Santo kalakip ang mga tandang nagpapatibay sa Salitang itinuro ni Pablo. Amen. Ipakita ninyo sa akin kung saan pagtitibayin ng Diyos ang pahayag ng pagwiwisik. Ipakita ninyo sa akin kung saan pagtitibayin ng Diyos, at papapasukin ang pagsasalita ng iba't-ibang wika at mga dakilang bagay, sa pamamagitan lamang ng pakikipagkamay sa pastor at paglalagay ng inyong pangalan sa aklat, pagkatapos ay patuloy kayong ngumunguya ng tabako, naninigarilyo, umiinom, nagsisinungaling, nagbabaraha, nagsasaya, nagpupunta sa .... Oh, mahabag nawa. Ito'y karnal, mga bulaang propeta, kaibigan. Opo.

103 Ang daan ng Diyos ay kabanalan. Talastasin nawa ito ng bawat miyembro ng katawang ito ni Cristo: malibang mamuhay ka ng isang banal na buhay, tinatanggihan ng Diyos ang iyong hain. Ang hain ay dapat ialay ng banal na mga kamay. Iyon ay...?... tama. Bago pa man makapasok ang punong saserdote upang maghain, dapat siyang maging banal, dedikado, at pinahiran, at pinabanguhan, at lahat na, bago siya makapasok sa Presensya ng Diyos upang mag-alay ng hain. Tama ba? Kaya papaano n'yo nagagawang lumabas at mandaya, at magnakaw, at makipagtalo, at makipag-away sa inyong mga kapitbahay, at lahat na, at magwala tulad ng ginagawa n'yo, at pagkatapos ay dudulog kayo at magsasabing, "Oh, Panginoong Diyos. Purihin Ka Jesus. Alleluia." 235 Ang sabi ng mga tao, "Nakikita ko silang nagsasalita ng iba't-ibang wika." Hindi pa rin 'yan nangangahulugang may Espiritu Santo na sila. "Naririnig ko silang sumigaw." Hindi pa rin 'yan nangangahulugang may Espiritu Santo na sila. Ang Espiritu Santo ay ang Buhay.

104 Ang sabi ng Biblia, "Pumapatak ng madalas ang ulan sa lupa upang ihanda ito, upang maalagaan para sa pinaglalaanan (Mga Hebreo 6), ngunit ang mga tinik at mga dawag na malapit sa sumpa, na ang kahihinatnan ay ang sunugin..." Sumisikat ang araw sa mga ganap at sa mga hindi ganap. Pumapatak ang ulan sa mga ganap at sa mga hindi ganap. Bumabagsak ang ulan upang mamunga ang trigo (ang tawag natin), at bawat panirang damo na naroon sa bukid, kapag nauhaw ang trigo, mauuhaw din ang panirang damo. At ang ulan na pumapatak sa trigo, ay siya ring ulan na pumapatak sa panirang damo. Tumitingala ang trigo at sumisigaw, "Purihin ang Panginoon. Alleluia. Alleluia. Tuwang-tuwa ako na matanggap ang ulang ito."

Sisigaw din ang panirang damo, "Luwalhati sa Diyos. Purihin ang Diyos. Allelluia. Natutuwa akong makatanggap nito." 238 Ngunit sa pamamagitan ng kanilang mga bunga ay makikilala n'yo sila. Tama. Makikilala n'yo sila sa pamamagitan ng kanilang bunga.

105 Ika-pitong talata, at magtatapos na tayo; ito ang pinakahuli sa kapanahunang ito ng iglesia. Ngayon, mahuhuli tayo nang mga lima o sampung minuto, sandali na lang. Ang may pakinig ay makinig sa sinasabi ng Espiritu sa mga iglesia; Ang magtagumpay, ay siya kong pakakanin ng punong kahoy ng buhay, na nasa Paraiso ng Diyos. 240 Ngayon, tignan n'yo, mga kaibigan; narito ang paraan upang kayo ay magtagumpay. Una kailangan mong managumpay, kung magkagayo'y makakakain ka ng bunga. Ito ang mananagumpay. Naalala ba ninyo ang pagtuturo natin noong isang gabi? Kinailangang mapasa-Espiritu si Juan bago siya makakita ng anuman. At papaano ka uupo na nagsasabing, "Kung hindi siya Baptist, hindi ako makikinig sa kaniya"? "Kung hindi siya Presbyterian, hindi ako makikinig sa kaniya. Kung hindi siya nagtuturo ng kapareho ng itinuturo ng iglesia namin, Ako'y... Hin—hindi ka magtatagumpay; hindi ka pa napapasa-Espiritu. Wala-wala ka sa kaayusan. 241 Mapasa-Espiritu ka at sabihin mo, "Panginoong Jesus, Mahal Kita; ngayon ipahayag Mo po sa akin anumang nakikita Mong nararapat, ihatid Mo lang po sa akin." Kung magkagayo'y umaayos ka na. Tama.

106 Pansinin, tatlong beses nangungusap ang Biblia tungkol sa Punongkahoy ng Buhay sa Genesis, tatlong beses sa Aklat ng Apokalipsis. Napag-aralan natin iyan noong isang araw. Naaalala n'yo ba? Nung Linggo, kahapon. Ang tanging... Kinamumuhian ng diablo ang bawat bahagi ng Kasulatan, ngunit higit niyang kinamumuhian ang Genesis at Apokalipsis. Inaatake niya ang pagiging totoo ng Genesis, sapagkat gusto niyang maniwala ang mga tao na hindi naman Ito totoo; "Hindi naganap ang Genesis tulad ng pagkakasabi ng Diyos, may ibang naging sanhi ang pagkakalikha at iba pa." Inaatake niya ito sa ganiyang paraan. At inilalayo niya ang mga tao sa Apokalipsis dahil ipinahahayag nito si Jesus bilang Diyos, at siya naman bilang diablo at nakatakda nang parusahan, at ang kaluwalhatian ng pinabanal na iglesiang uuwi sa Diyos, at ang kawakasan ng bulaang propeta, at ang lahat ng nagsisinungaling at gumagawa ng lahat ng bagay ay ibubulid sa dagatdagatang apoy. Hindi nakapagtatakang inilalayo niya sila rito. Ngunit tandaan, pareho itong nangungusap tungkol sa Punongkahoy ng Buhay sa paraiso.

107 Ngayon, talakayin natin ito sandali, ang "Punongkahoy." Sa ika-6 na kabanata ng San Juan, kung nais ninyong isulat, sinabi ni Jesus, "Ako ang Tinapay ng Buhay." Ngayon, tandaan n'yo. Gagamitin natin ngayon ang dalawang haliging ito bilang simbulo. Bago tayo matapos ngayon. Sa aking kanan ay ang puno sa halamanan na kung tawagin ay Punongkahoy ng Buhay; sa kaliwa ko naman ay ang puno sa halamanan na kung tawagin ay punongkahoy ng kaalaman. Ilan ba ang nakaaalam na sinasabi ng Biblia na may Punongkahoy ng Buhay at punongkahoy ng kaalaman? Ngayon, dapat mabuhay ang tao sa Punongkahoy ng Buhay na ito, at di niya dapat hipuin ang punongkahoy ng kaalaman. Tama ba iyon? At

sa unang pagkakataong hinipo niya ito, inihiwalay niya ang sarili niya sa kaniyang Manlilikha. Naiwala niya ang pakikisama niya sa Diyos nang una siyang kumagat sa kaalaman. Ngayon, mag-isip kayong mabuti. At kayong nagsisipagsulat, bibigyan ko kayo ng panahon upang ito'y makuha n'yo, dahil ayokong makalampas ito sa inyo.

108 Si Jesus, sa San Juan 6... Umiinom sila sa bukal, at itinataas ang kanilang mga kamay at ginagaya ang pag-inom ng kanilang mga magulang sa espiritwal na Bato, at iba pa. Ang sabi Niya, "Ako ang Bato na noon ay nasa sa ilang." 246 At sabi nila, "Sinasabi mong bago dumating si Abraham ay narito ka na, samantalang wala ka pang limampung taong gulang. At sinasabi mong nakita mo si Abraham? Alam na namin ngayon, na ikaw ay baliw; ikaw ay isang diablo." Kita n'yo? 247 Sinabi Niya, "Bago pa dumating si Abraham ay, AKO NGA." Hindi, "Ako dati." 248 Ngayon, kayong mga nagsasabi na ang mga araw ng himala ay tapos na, kailangang ipasabi n'yo sa Kasulatang iyan, "Ako ang dakilang dati." Kita n'yo? 249 Hindi "Ako ang dati," o "Ako ang darating"; "AKO NGA," iyan ay sa lahat ng panahon. Siya'y eternal. Ang salitang "AKO NGA" ay eternal, lahat ng kapanahunan, lahat ng pagkakataon, sa kabuuan ng pitong kandelerong ginto, sa lahat ng iglesia, sa lahat ng dako, sa bawat puso, "AKO NGA," hindi "Ako ang dati" o "Ako ang darating." "Ako nga ngayon kung papaano Ako sa tuwina. (Kita n'yo?) Palaging AKO NGA."

109 Ang sabi nila, "Ang aming mga magulang ay... Hindi ka namin kilala. Alam naming isa kang diablo." Anila, "Nagsikain ang aming mga magulang ng mana sa ilang sa loob ng apatnapung taon." 251 At sinabi ni Jesus, "At nangamatay silang lahat." Tama ba? "Nangamatay silang lahat. Ngunit Ako (Oh), Ako ang Tinapay ng Buhay na galing sa Diyos

mula sa langit. Kung... Isang Tinapay ng Buhay... Sinumang kumain ng Tinapay na ito ay hindi mamamatay." 252 "Ibibigay ba ng taong ito ang katawan niya, upang ipakain? Ngayon, siya'y baliw, tunay nga." 253 Ang Tinapay ng Buhay ay nanggaling sa Punongkahoy ng Buhay, kung saan sila dating kumakain, sa halamanan ng Eden. Siya ang Punongkahoy ng Buhay. Ngayon, kung ang Punongkahoy ng Buhay ay isang Persona, kung gayo'y isa ring persona ang punongkahoy ng kaalaman. Ngayon, sinasabi n'yong walang binhi ang serpente. Kung ang buhay ay dumating sa pamamagitan ng lalaki, ang kamatayan naman ay sa pamamagitan ng babae. Tama, siya ang punongkahoy ng kamatayan.

110 Matapos na siya'y dungisan nito, na sadyang ginawa niya (ang serpente), aniya, "Inakit ako ng serpente." Tama. Hindi isang ahas; siya ang pinakatuso sa lahat ng mga hayop; siya'y nasa pagitan ng unggoy at tao. Hindi hahalo ang binhi ng hayop sa isang babaeng tao: hindi; ngunit nangyari sa nilikhang ito; siya ang pinakamalapit na karugtong. At isinumpa siya ng Diyos, pinagapang Niya siya, at inalisan ng mga paa, at kinuha ang kaniyang mga buto at ginawang kaibang-kaiba sa tao. Sinisikap itong hukayin ng siyensya sa lupa... Nakatago iyon sa mga hiwaga ng Diyos, sa kalagitnaan ng paraiso ng Diyos. Hayan ang inyong kapahayagan.

111 Isinilang niya ang kaniyang unang anak na lalaki na si Cain (Tama ba?), ang anak ni Satanas, supling ni Satanas. Kung hindi, saan nanggaling ang masamang iyon? Galing ba kay Adan na anak ng Diyos? Galing siya sa diablo, na kaniyang ama. At pumatay siya; ang unang mamamatay-tao ay ang diablo, ang anak ng diablo. 256 Masdan n'yo kung ano'ng nangyari pagkatapos no'n, masdan ang lahi ni Cain. Pababa sa henerasyong sumunod kay Cain, mga siyentipiko sila at dakilang mga tao. Basahin ninyo ang Biblia. Nagtayo sila ng mga bahay; nagpanday sila ng mga metal, at sila'y mga siyentipiko. Ngunit ang mga nanggaling kay Set (at si Abel ay namatay, katipo ni Jesus, Siya'y namatay; at namatay si Abel, at pinalitan ni Set: kamatayan, paglilibing, at pagkabuhay na mag-uli)... nagmula sa kaniya ang mga hamak na magbubukid, at mga pastor.

112 Ngayon, sinabi ni Jesus, "Kumain ng mana sa ilang ang inyong mga magulang at nangamatay silang lahat. Ngunit Ako ang tinapay ng Buhay (Anong Tinapay ng Buhay? Mula sa Eden.), at maaaring kumain ang tao ng Tinapay na ito at hindi na mamatay." Ngayon, nagtalaga ang Diyos ng Anghel sa paligid ng Punongkahoy ng Buhay upang magbantay dito, upang huwag

ipahipo kaninuman, baka sila'y makakain sa Punongkahoy at mabuhay magpakailanman. Tama ba? 258 Dahil kinailangan nilang magpatuloy sa punongkahoy na ito at mamatay. Tama ba? Dahil habang kinakailangan nilang kumain niyon, namamatay sila. At ganu'n din katiyak na mamamatay ka dahil kumakain ka sa punongkahoy ng kaalaman... Tignan nga natin ngayon ang punongkahoy ng kaalaman. Masdan n'yo ang ginawa nito. Ngayon, tignan natin kung anong ginawa nito. Unang-una, tignan natin, ito'y... Buweno, tignan natin ang isa nilang... Nag-imbento ito ng pulbura. Pinapatay nito ang ating mga kasamahan. Tama, nagpapatayan sila sa pamamagitan ng pulbura mula sa punongkahoy ng kaalaman. Ang sumunod na ginawa natin, naku, tignan nga natin, gumawa tayo ng sasakyan mula sa punongkahoy ng kaalaman. Mas marami ang pinapatay nito kaysa sa pulbura. Opo. Ngayon may hydrogen bomb na tayo. Walang anumang winasak ang Diyos; winawasak ng tao ang kaniyang sarili sa pamamagitan ng kaniyang kaalaman.

113 Ngunit lahat ng sa Diyos ay babangunin Niyang muli; walang mawawala sa Diyos. Sinabi ito ni Jesus. Tama, "Sinumang kumain ng Tinapay na ito ay may Buhay na Walang Hanggan, at siya'y ibabangon Ko sa

mga huling araw." Iyan ang Kaniyang pangako. Ngayon, ang Diyos ay ... 260 Sila'y nagpatuloy sa pagkain ng punongkahoy ng kaalaman at nangamamatay. Ngunit sa sandaling makalapit sila sa Punongkahoy na ito, mabubuhay sila magpakailanman. 261 Kaya ngayon, sa halip na harangan sila ng Anghel sa Punongkahoy na ito; naroroon iyon at pinalalapit sila sa Punongkahoy na ito; ang mga anghel ng mga iglesia, "Para ito sa bawat isa," ibinabalik sila sa Pangalan ni Jesus Cristo na Siyang Punongkahoy ng Buhay na nakatayo sa paraiso ng Diyos. Ay, naku. Sana'y makuha n'yo 'yan. Ang Punongkahoy ng Buhay, nakatayo sa paraiso ng Diyos, upang makabahagi kayo sa Kaniya at maging anak na lalaki at babae ng Diyos at mabuhay magpakailanman. "Ang dumirinig ng Aking Salita at sumasampalataya sa Kaniya na nagsugo sa Akin ay may Buhay na Walang Hanggan, at hindi mapapasok sa paghatol, kundi lumipat na sa Kabuhayan mula sa kamatayan."

114 Kapatid na lalaki, kapatid na babae, ngayon ako'y... Tiyak, aking... Nasugatan ko kayo, nasaktan ko kayo. Hindi ko sinadyang magkagayon. Kita n'yo? Alam ng Diyos iyan, ngunit kailangan kong gawin ito sa ganitong paraan upang makita n'yo kung nasaan na tayo. Hindi ako naniniwalang mananatili pa tayo nang matagal. Hindi ko sinasabing hindi kayo mga

Cristiano dahil kabilang kayo sa isang organisasyon. Hindi iyon. Biktima ang mga tao ng mga sirkumstansya. Hindi nila alam ang kanilang gagawin; ang tanging ginawa ng kanilang mga magulang ay ang sumapi sa iglesia at iba pa. 263 Ngunit kapatid, isang bagay bago tayo matapos, hayaan ninyong banggitin ko pa ang isang ito. Sinabi ng propeta na... Naniniwala ba kayo sa mga propeta? Sinabi ng Bibliang dapat kayong makinig sa kanila. Sinabi ng propeta na darating ang panahon na di mo matukoy kung araw o gabi, kundi tipong makulimlim na araw. Ngunit sa panahon ng gabi, bago lumubog ang araw, ay magliliwanag. Tama ba?

115 Ngayon, tignan n'yo kung ano nang tinaglay natin. Ngayon, tignan lang natin. Papaano ang araw... Saan sumisikat ang araw? Sa silangan, ayon sa heograpiya. Tama ba? Lumulubog ito sa kanluran. Sana'y meron akong... Dadalhin ko ang mapa bukas at ipakikita ko sa inyo. Mula nang bumaba ang Espiritu Santo sa Jerusalem gumawa ang dinaanan Nito ng isang sakdal na hugis walo. Dumiretso ito sa Ireland, at muling nagbalik nang paikot, at tumuloy sa kanlurang baybayin, at muling nagbalik; isang sakdal na hugis walo ang nilakbay ng Ebanghelio. Ngayon, ang sibilisasyon ay naglakbay kaantabay ng araw. Ilan ang nakaaalam niyan? Itinuro iyan sa inyo at lam n'yo 'yan. Ang pinakamatandang sibilisasyon ay ang China, at mula roon tumawid ito ng oryental. At nang ang Espiritu Santo, hindi ang s-u-n, kundi ang S-o-n...

116 Nang magsimulang sumikat ang araw sa hamog at halumigmig ng gabi, saan man naroroon ang binhi, ito ay mabubuhay; dahil lahat ng buhaybotanika ay nabubuhay sa pamamagitan ng araw. Alam natin iyan. Maaari kang magbuhos ng semento sa damuhan, at sa susunod na tagsibol, saan pinakamakapal ang damo? Doon sa gilid ng konkreto. Bakit? Ang buhay ay nasa ilalim. Hindi mo maaring ikubli ang tunay na buhay. Kapag nalaman ng munting buhay na iyon na sumisikat na ang araw, gagapang ito ng halos kalahating bloke ng syudad, sa ilalim ng konkreto, hanggang sa ito'y makausli at makapagpuri sa Diyos. Hindi mo maitatago ang Buhay. Tama, ang Buhay. Kapag ikaw ay naipanganak nang muli, hindi mo ito maitatago. Mayroon at mayroong sisigaw kapag ika'y may Buhay.

117 Lahat ng mga bagay na patay ngayon, at ang munting mga binhing nagbukahan, naglabasan na ang laman, at patay na, ngunit naroroon pa rin ang buhay. Ngayon, kapag nagsimulang sumikat ang araw sa tagsibol, magsusulputan ang maliliit na bulaklak, at lahat ay muling mag-uuslian, mula sa ilalim ng mga pira-pirasong bagay, sa ilalim ng mga troso, sa ilalim ng mga bato, at muling magbabangon at mabubuhay (Tama ba?), dahil sumisikat na ang s-u-n.

Ngayon, isang araw sisikat ang S-o-n, na siyang May-akda ng Buhay na Walang Hanggan, at lahat ng nabigyang-buhay sa Kaniya para sa Buhay na Walang-Hanggan, aniya ay, "Ibabangon Ko sa huling araw." Nakikita n'yo ba ang ibig kong sabihin? Babangunin ang Buhay na Walang Hanggan sa mga huling araw. Kung ilibing ka nila sa dagat, sunugin kaya ang iyong katawan at isaboy sa apat na sulok ng mundo, ibabangon ito ng Diyos sa huling mga araw. Kung kailangan kang ipambusog sa gutom na leon, o kaya'y itapon sa nagniningas na hukay, matutupok ang labing-anim na elementong petrolyo, at mga cosmic light, at lahat na sa iyo, ibabangon pa rin ito ng Diyos. "Maging ang mga buhok sa iyong ulo ay bilang." Amen. Ibabangon ito ng Diyos. 269 Ngayon, tignan n'yo ito. Kung ang bawat tao ay namamatay sa pamamagitan ng babae, kung gayo'y nabubuhay naman ang lahat sa pamamagitan ng Lalaki. Pag nakibahagi ka sa babae sa ganiyang uri ng buhay, alam mong mamamatay ka. Hindi mo ito matatakasan; mamamatay ka. At sintiyak din ito ng kapag bumahagi ka Niyon, ikaw ay mabubuhay; hindi mo ito matatakasan; tiyak na mabubuhay ka. Amen. Kung iyon ay namumunga ng tiyak na kamatayan, Ito nama'y mamumunga ng tiyak na Buhay. Ang tanging paraan upang matanggap mo ito, ay ang magkaroon ka ng Buhay.

118 Ngayon, sinabi ng propeta, na, " Sa gabi ay magliliwanag." Ngayon, tignan n'yo. Sinabi Niyang magkakaroon ng araw na makulimlim; hindi ito matatawag na araw o gabi. Para itong maulap, mahamog, malamig na araw, ngunit nagbibigay naman ng Liwanag ang araw. Sa ibabaw ng mga hamog at ulap at

iba pa, nagliliwanag ang araw. Nagbibigay ito ng sapat na Liwanag upang makalakad ka, at makita mo kung papaano ka kikilos, at iba pa, ngunit, hindi maliwanag at maaliwalas ang araw. Kita n'yo? Ngayon, mahihirapan ang sinuman na mabuhay sa gayong araw. 271 Maaari kang magtanim ng anuman sa lugar na hindi nasisikatan ng araw, ito'y mababansot. Tama ba? Alam n'yo iyan, kayong mga magsasaka. Itanim n'yo ang mais sa lilim o sa kung saan; masdan n'yo, mababansot ito. Alam mo dapat iyan, Fred, dahil sa iyong trigo. 'Pag itinanim mo iyon, at hindi naging maganda ang tag-araw, naku, naging maulap at maulan, iyon ay mababansot.

119 Buweno, iyan ang naging problema ng iglesia sa mga kapanahunang ito; ito'y nabansot. Pinabansot ito ng mga denominasyon, "Ilista mo ang pangalan mo sa aklat. Nakatanggap tayo ng sapat na Liwanag upang malaman na mayroong Diyos." Natutuwa ako riyan. "Nakatanggap tayo ng sapat na Liwanag upang malaman na mayroong Cristo; may paparating na paghatol. Nakatanggap tayo ng Liwanag; kaya isinulat natin ang ating mga pangalan sa

aklat; nakipagkamay tayo sa pastor, at iba pa, at ginawa natin ang ganiyan." Sige, ngunit ngayo'y gabi na. 273 Ngayon, ang sibilisasyon ay nanggaling sa silangan patungo ng kanluran, at ngayo'y nasa kanlurang baybayin na tayo. Hindi na tayo makasusulong pa; kapag tumawid tayo, magbabalik tayo sa silangan. Hindi na tayo maaaring sumulong pa; nasa kanlurang baybayin na tayo.

120 Ngayon, ang sabi ng Biblia, "Sa panahon ng gabi darating ang Liwanag." Ngayon, anong uri ng araw ang sumisikat sa gabi? Kakaibang araw ba ito sa sumisikat sa umaga? Iisang araw ito. Tama ba? Buweno, ano bang ipinangako ng Diyos? Ngayon, pupuntahan natin ito, diyan lang kayo, dito mismo sa kapanahunang ito. Sinabi ito ng Biblia; patutunayan ko ito sa mga kapanahunang ito ng iglesia habang nagpapatuloy tayo, na sa panahon ng gabi ay may sisilay na Liwanag sa kanluran na muling maghahatid sa Anak ng katuwiran taglay ang kagalingan sa Kaniyang mga pakpak. At ang kaparehong mga tanda at mga kababalaghan na ginawa sa silangan ay gagawin din dito sa kanluran, kalakip ng isa na namang pagbuhos ng Espiritu Santo sa huling araw. It shall be Light in the evening time, The path to glory you will surely find; In that water way, It's the Light today, Buried in the precious Name of Jesus. Young and old, repent of all your sins, The Holy Ghost will surely enter in; The evening Lights have come, It is a fact that God and Christ are one. Oh, it shall be Light in the evening time, That path to glory you will surely find; In this water way is the Light today, Buried in the precious Name of Jesus. Young and old, repent of all your sins, The Holy Ghost will surely enter in; Those evening Lights have come... 275 Kagaya ng sinabi ni Pedro, "Mangaalaman nawa ninyo, na ginawa ng Diyos ang Jesus na ito, na inyong ipinako, na Panginoon at Cristo.

Mangagsisi, ang bawat isa sa inyo," aniya, "at magpabautismo sa Pangalan ni Jesus Cristo sa ikapagpapatawad ng inyong mga kasalanan."

121 May sasabihin ako sa inyo. Tulad ng sinabi ko nung nakaraang araw tungkol sa reseta ng duktor. Ayaw sundin ng mga tao ang reseta ng duktor. Kung mayroon siyang gamot na makapagpapagaling ng iyong sakit, at tumanggi kang inumin ito, hindi kasalanan ng doktor kung mamatay ka. Hindi po. Kasalanan mo iyon, dahil tumanggi kang inumin ito. 277 At ngayon, kapag sumulat ng reseta ang duktor at dinala mo ang reseta sa isang albularyo, at nagdagdag siya ng isang bagay na hindi nararapat, papatayin ka rin nito. Tama ba iyan? Pinag-aralan ito ng duktor na anupa't alam niya na may sapat na lason ang ni-reseta niya upang pumatay sa mikrobyo na nasa iyong katawan; at iyon ay may sapat ding pangontra upang talunin ang lason nang sa ganun ay hindi ka mamatay. At kailangan itong maging balanse. Kung lalagyan mo ng sobrang pangontra, hindi ito makatutulong sa pasyente; kapag sinobrahan mo ang lason, papatayin siya nito. Dapat maging balanse.

122 Ang tanong ay, "Wala bang balsamo sa Galaad? Wala bang manggagamot doon?" ang wika ng propeta. "Kung gayo'y bakit hindi gumagaling ang sakit ng Aking anak na babae." Ano ang problema ng iglesia? Ano na ang nangyari at marami tayong nagtatandaan na't masasakiting iglesia? Dahil marami tayong albularyong mali ang pagbibigay ng Reseta. Tama? Hindi Niya sinabing Ama, Anak, Espiritu Santo. Siya'y... Ano ang sabi ng Reseta? Narito si Pedro. Sino ang nakakaalam na nasa kaniya ang mga susi ng Kaharian? Iyon ang sabi ni Jesus. Ano ang sabi Niya? Sa ibang salita, nasa kaniya ang panulat para sa Reseta. 279 Nang marinig sa labas ang ingay na ito (naghihiyawan sila, nagsisigawan, nagsasalita ng iba't-ibang wika, at labis na nagagalak), ang sabi nila, "Puno ng bagong alak ang mga taong ito." 280 Ang sabi ni Pedro, "Hindi puno ng bagong alak ang mga taong ito, gaya ng inyong inaakala, yamang ngayo'y ikatlong oras pa lamang ng araw. Datapwa't ito ang sinalita ng propetang Joel, 'At mangyayari sa mga huling araw,' sabi ng Diyos, na ibubuhos Ko ang Aking Espiritu sa lahat ng laman. Ang inyong mga anak na lalaki at babae ay manganghuhula, at sa Aking mga lingkod na lalaki at sa Aking mga lingkod na babae ay ibubuhos ko ang Aking Espiritu at magsisipanghula sila. 281 At magpapakita Ako ng mga tanda sa langit, at sa lupa sa ibaba: apoy, usok, at singaw. At mangyayari na sinumang tumawag sa Pangalan ng Panginoon ay maliligtas.'"

123 At nangusap pa siya ng patungkol kay David, aniya, "Nakita ito ng patriarkang si David, at sinabi niya, 'Pati naman ang aking laman ay mananahan sa pag-asa, sapagkat hindi Niya iiwan ang kaluluwa Ko

sa hades, ni titiisin man Niya na ang Kaniyang banal ay makakita ng kabulukan.' Malaya nawa akong makapagsabi sa inyo, mga kapatid, tungkol sa patriarkang si David. Siya'y namatay at inilibing, at nasa atin ang kaniyang libingan hanggang sa araw na ito. Kita n'yo, ngunit siya, palibhasa'y isang propeta, nakita niya ang pagkabuhay na muli ni Cristo. Mangaalaman ninyong lahat, na ang Jesus na ito, na inyong ipinako ng inyong masasamang kamay, ginawa siya ng Diyos na Panginoon at Cristo.” 283 Nang marinig nila ito, ay nangasaktan ang kanilang puso, at sinabi nila, “Mga kapatid,” o “Duktor Simon Pedro, sumulat ka ng Reseta para sa amin. Papaano namin Ito makukuha? Gusto namin ng lunas sa kasalanan.” Oh.

124 Ngayon, masdan n'yo siya, kung ano ang sinabi niya. Ngayon, makikita ninyo kung saan nalihis ng landas ang mga iglesia. Sinabi niya, “Sandali lang. Susulat ako ng Reseta, at ito'y magiging isang eternal na Reseta. Ito'y para sa inyo, at sa inyong mga anak, at sa lahat ng nangasa malayo, maging ilan man ang tawagin ng Panginoon nating Diyos.” 285 Ano'ng sinabi niya? Papaano niya ito nilunasan? Gaya ba ng sa Catoliko? Gaya ba ng sa Baptist? Gaya ng sa Methodist? Bawat isa sa kanila'y nagdagdag at nagbawas Dito. Gaya ba ng mga Pentecostal? Nagdagdag sila at nagbawas. Ngunit ano ang sinabi niya? Mangagsisi ang bawat isa sa inyo, at magpabautismo sa Pangalan ni Jesus Cristo sa ikapagpapatawad ng inyong mga kasalanan, at tatanggapin ninyo ang kaloob ng Espiritu Santo.‟ Isang eternal na Reseta, ”Ito'y para sa inyo, at sa inyong mga anak; tatagal ito hanggang sa lahat ng kapanahunan ng iglesia; ibigay n'yo ito sa bawat isa sa kanila.‟

125 Oh, Diyos, linisin Mo po ang aking mga kamay. Linisin Mo po ang puso, Panginoon. Kung, mawala man ang lahat ng aking mga kaibigan, nawa'y maibigay ko ang Reseta sa paraang sinabi ng Duktor. 287 Iyan ang dahilan kung bakit marami silang mga patay na iglesia, marami silang mga patay na miyembro. Nagdadagdag kayo ng pangontra, at nagbabawas dito, hanggang sa maiba na ang Reseta; hindi na ito makagagamot ng anuman. Ang pakikipagkamay, at ang pag-anib sa mga iglesia, at pagwiwisik, oh, kahabagan nawa tayo, hindi iyan ang Reseta; iya'y kamatayan. Kung nais mo ng Buhay at Espiritu Santo, sundin mo kung ano ang sinabi ng Diyos. Sundin mo ang Reseta. Ganiyang nga ang Kaniyang sinabi, “Huwag kayong magdagdag o magbawas ng anuman dito.” At narito naman ang Apokalipsis na nagsasabi, “Snumang magbawas o magdagdag, ay

aalisin (ang kaniyang bahagi) mula sa Aklat ng Buhay.‟ Ay, naku, iyan ang pangunahing Duktor. Oh, mahal ko Siya. Kayo rin ba?

126 Oh, sa dakilang panahon ng Efeso, nang magsimulang pumasok nang pagapang ang maling paniniwala, upang magtatag ng mga organisasyon. At ang mga pastor at mga diyakuno—o hindi mga diyakuno, ngunit mga pastor— hindi mga pastor... Kundi mga kardinal, mga obispo, mga papa, mga overseer ng iglesia, na nagsasabi sa Espiritu Santo, nagsasabi sa iglesia, “Ngayon, hindi Ka maaaring magkaroon ng ganiyan dito.” Sino ba ang pinuno rito? 289 Minsan ding sinabihan ng ganiyan si Pedro. Anila, “Hindi ka na maaaring mangaral sa Pangalan ni Jesus. Mangaral ka kung gusto mo, ngunit hindi sa Ngalan ni Jesus.” Oh, kinamumuhian ng diablo ang Pangalang iyan. 290 Ang sabi ni Pedro, “Tama ba para sa akin na...” Sinabi ng Biblia, “Si Pedro, palibhasa'y puspos ng (ng denominasyon? o, ng) Espiritu Santo.” Aniya, “Sandali lang, sasangguni muna ako sa general overseer, titignan ko kung ano'ng sasabihin niya sa akin ukol dito.”

127 Sasabihin ko sa inyo. Alam n'yo ba na isang psychiatrist ang nagpapasiya sa Assemblies of God, at dinadala nila ang kanilang mga misyonero sa isang psychiatrist, upang makita kung ang taong iyon ay may kakayahan ang pagiisip upang maging misyonero? Pentecostal Assemblies of God. Ilan ba ang nakarinig niyan? Tunay nga, hayag na iyan, alam na ng lahat. Tunay nga. Sino ang dapat sumuri sa misyonero at maging tagahatol, ang psychiatrist ba o ang Espiritu Santo? Kita n'yo, iyan ang nakukuha ninyo sa pagkuha ng mga tao (Kita n'yo), ng mga teoriyang gawa ng tao, mga doktrinang gawa ng tao. Hintayin n'yong matalakay natin ang kapanahunang Pentecostal. Tiyak na susunugin iyon ng Diyos. Opo. Tunay nga. At makikita n'yong nagliliyab na ito hanggang sa ibaba. Kita n'yo? Tamang-tama.

128 Ngunit isang maluwalhating araw Siya'y darating. At tandaan, makinig kayo; may pitong kapanahunan ng iglesia. Tama ba? May pitong kapanahunan ng iglesia. At alalahanin n'yo, nang lumabas sila upang salubungin ang Kasintahang Lalaki, ang ilan ay nakatulog sa unang pagpupuyat (Tama ba?), sa ikalawang pagpupuyat, sa ikatlo (hi—hindi namatay, nakatulog), sa ikatlong pagpupuyat, sa ikaapat na pagpupuyat, sa ikalima, sa ikaanim; at sa ikapitong pagpupuyat isang tinig ang dumating, “Narito, dumarating ang Kasintahang Lalaki. Magsilabas kayo upang salubungin Siya.” Anong nangyari? Lahat ng mga dalaga na nakatulog ay nagsibangon. On that bright and cloudless morning when the dead in Christ shall rise (walang ulap, ang panggabing Liwanag ay magniningning)

And the morning breaks Eternal, bright and fair; When the saved on earth shall gather to their homes beyond the sky, When the roll is called up yonder, I'll be there. When the roll is called up yonder, When the roll is called up yonder, When the roll is called up yonder, When the roll is called up yonder, I'll be there. Let us labor for the Master from the dawn till setting sun, Let us talk of all His wondrous love and care; Then when all of life is over, and our work on earth is done, When the roll is called up

yonder,... (Bawat anak ng Diyos ay magtaas ngayon ng mga kamay.) When the roll is called up yonder, When the roll is called up yonder, When the roll is called up yonder, When the roll is called up yonder, I'll be there. (Oh.)

129 In the sweet by and by, We shall meet on that beautiful shore; In the sweet by and by, We shall meet on that beautiful shore. You love the old songs of the church? Oh. To our bountiful Father above, We will offer our tribute of praise, For the glorious gift of His love, And the blessings that hallow our day. In the sweet by and by, We shall meet on that beautiful shore; In the sweet by and by, We shall meet on that beautiful shore. 295 Ngayon, kamayan n'yo ang sinumang nasa paligid n'yo, sa palibot n'yo nang ganiyan. Mabuti iyan.

... sweet by and by (Sabihin n'yo, "Magkikita tayo kapatid.") We shall meet on that beautiful shore; In the sweet by and by, We shall meet on that beautiful shore. We shall sing on that beautiful shore, The melodious song... (Umawit tayong lahat ngayon.) And our spirit shall sorrow no more, Not a sigh for our blessings of rest. 296 Bawat isa, habang nakataas ang inyong mga kamay: In the sweet by and by, We shall meet on that beautiful shore; In the sweet by and by, We shall meet on that beautiful shore.

130 Habang nakayuko tayo ngayon, sabihin natin [Sumunod ang kongregasyon kay Brother Branham—Ed.]: "Panginoong Jesus, mahal Kita. Nananampalataya ako na si Jesus Cristo ay ang Anak ng Diyos, ang Diyos na nahayag sa laman upang pawiin ang aking mga kasalanan. Hindi ako nagtitiwala sa anumang kabutihan ko; wala akong gayon; ngunit ako'y nagtitiwala tanging sa kabutihan lamang ni Jesus Cristo na Aking Tagapagligtas, ang aking Diyos, ang aking Hari. Mahal ko Siya. Amen."

131 Bukas ng gabi, sa ganap na alas-syete, kung loloobin ng Panginoon, tatalakayin natin ang iglesia ng Smirna. In the sweet, (Habang nakayuko tayo ngayon.)... (Oh, by and by), We shall meet on that beautiful shore, (By and by); In the sweet by and by, We shall meet on that beautiful shore. 299 Ngayon, awitin natin nang marahan, bawat isa, magiliw: Oh, to our bountiful Father above, We will offer our tribute of praise, For the glorious gift of His love... And the blessings that hallow our day, In the sweet by and by,

We shall meet on that beautiful shore; In the sweet by and by, We shall meet on that beautiful shore.

MESSAGE hub online
www.messagehub.info

Pangangaral ni
William Marrion Branham
"... sa mga araw ng tinig ..." Apocalipsis 10:7